# Mga piling artikulo hinggil sa DEMOKRATIKONG GUBYERNONG BAYAN

mula sa

**TUGON**

*ni*

PATNUBAY DE GUIA

MGA PILING ARTIKULO MULA SA

# KALATAS

OPISYAL NA PAHAYAGAN NG REBOLUSYONARYONG MAMAMAYAN NG TIMOG KATAGALUGAN

HUNYO 2019–MARSO 2023

# PAMBUNGAD

Inilalathala ng Kalatas ang kulumpon ng mga artikulo hinggil sa Demokratikong Gubyernong Bayan (DGB) bilang bahagi ng paggunita sa ika-50 anibersaryo ng National Democratic Front of the Philippines ngayong taon. Hinango ang mga ito mula sa kolum na laan para sa tagapagsalita ng NDFP-ST na si Patnubay de Guia, ang Tugon ni PdG, na nagsimula noong Hunyo 2019.

Mahalaga para sa mga rebolusyonaryong pwersa na pagyamanin ang kaalaman hinggil sa pagtatayo, paggana at pagtatanggol sa DGB sa harap ng imbing pang-aatake ng reaksyunaryong estado sa rebolusyonaryong kilusan. Ang pagtatayo ng sariling gubyerno at paggugubyerno sa sarili ay aspirasyon at karapatan ng sambayanang Pilipino na malaon nang ipinaglalaban ng bayan. Sa proseso ng digmang bayan, itinatatag ng mamamayan ang mga binhi ng DGB, ang mga organo ng kapangyarihang pampulitika (OKP), saanman may armadong paglaban at malawak at malalim na baseng masa.

Malaking tagumpay ng rebolusyong Pilipino ang pag-iral ng mga OKP sa iba't ibang dako ng bansa sa iba't ibang antas kahit na nasa yugto pa lamang ng pagsusulong ng digmang bayan. Bumubuo at nagpapatupad ang mga ito ng mga programang tumutugon sa sosyo-ekonomiko, pampulitika't pangkulturang pangangailangan ng mamamayan. Dahil nagsusulong ng interes ng mamamayan at sumasagka sa interes ng naghaharing uri, ang mga OKP ay target ng paninibasib at paninirang-puri ng mga reaksyunaryo sa pangunguna ng AFP-PNP.

Kailangang ipagtanggol ang mga OKP at ang mga tagumpay ng mamamayan sa pagsusulong ng kanilang karapatang maggubyerno. Gawin ito sa pamamagitan ng pagkontra sa itim na propaganda ng kaaway at pagpapalaganap sa publiko ng mga hangarin at programa ng DGB. Higit sa lahat, tuluy-tuloy na isulong ang mga rebolusyonaryong gawain at itayo ang mga OKP sa gitna ng tumitinding militarisasyon at pandidigma ng bulok na estado at imperyalismo. Sa tamang panahon, itatatag sa pambansang saklaw

ang DGB kasabay ng pagbagsak ng papet at pasistang neo-kolonyal na estado ng imperyalismong US, malalaking burgesya kumprador at panginoong maylupa.

Iniaambag ng Kalatas ang publikasyong ito para sa gayong tunguhin at sa pagpapalakas ng pambansang nagkakaisang prente para sa rebolusyon.

# NILALAMAN


Paano ipinagtatanggol ng NDFP ang pambansang soberanya sa *peace talks*? 8

Paano itinataguyod at pinauunlad ng NDFP ang pambansa, syentipiko at makamasang kultura? 9

Paano tinutugunan ng rebolusyonaryong kilusan ang mga suliraning kinahaharap ng masang anakpawis sa larangan ng ekonomya, pulitika at sosyo-kultura? 11

Paano itinataguyod ng rebolusyonaryong kilusan ang karapatan at kapakanan ng mga bata? 13

Paano tinutugunan ng rebolusyonaryong kilusan ang pag-harap sa epekto ng mga kalamidad sa mamamayan? 15

Paano ipinapakita ng NDFP ang sinseridad nito sa pagpasok sa usapang pangkapayapaan sa GRP? 18

Ano ang pambansang industriyalisasyon na isinusulong ng NDFP? Paano nito itinataguyod ang pangangalaga sa kapaligiran? 21

Ano ang mga programa sa kalusugan ng rebolusyonaryong kilusan? 24

Paano matatamo ng mamamayang anakpawis ang kanilang mga demokratikong karapatan? 27

Ano ang ambag ng rebolusyong Pilipino sa pandaigdigang pakikibaka laban sa imperyalismo? 30

Paano magbibigay ang Demokratikong Gubyernong Bayan (DGB) ng awtonomiya sa mga pambansang minorya bilang bahagi ng paggalang sa kanilang kultura? 33

Paano itinataguyod ng rebolusyonaryong kilusan ang tunay na nagsasariling patakarang panlabas? 36

Ano ang Permit to Campaign (PTC) at Campaign Access Fee (CAF)? Paano ipinatutupad ng rebolusyonaryong kilusan ang mga ito? 38

Ano ang adyenda na dapat suportahan at tupdin ng mga makabayan at tunay na lingkod bayan? 41

Ano ang papel ng mga rebolusyonaryong pwersa at tunay na lingkod ng bayan sa Sangguniang Barangay at Sangguniang Kabataan sa pagsusulong ng pambansa demokratikong rebolusyon? 44

Ano ang papel ng NDFP sa pambansa-demokratikong rebolusyon? 47

## Paano ipinagtatanggol ng NDFP ang pambansang soberanya sa *peace talks*?

*TOMO 39 BLG 6, HUNYO 2019*

Malinaw para sa NDFP na kailanman ay di dapat isuko at ikompromiso ang usapin ng pambansang soberanya mula sa pambabaluktot at pagmemenos dito ng GRP sa serye ng mga negosasyong pangkapayapaan sa NDFP. Sa loob ng 20 taon ng pakikipag-usap ng NDFP sa GRP, konsistente ang NDFP sa paggigiit at pagtatanggol sa mga prinsipyo ng pambansang soberanya, demokrasya at hustisyang panlipunan bilang katanggap-tanggap na mga prinsipyo sa magkabilang panig (*mutually accepted principles*) na nagsisilbing pundasyon at pangkalahatang balangkas para sa usapang pangkapayapaan ng NDFP-GRP. Ang mga prinsipyong ito ay nakasaad sa The Hague Joint Declaration na pinagkasunduan ng NDFP at GRP noong Setyembre 1, 1992. Ito'y isang pahinang dokumento na pinirmahan nina Congressman Jose Yap ng Tarlac bilang ispesyal na emisaryo ng noo'y pangulo ng GRP na si Fidel Ramos at ni Luis Jalandoni na kumakatawan sa NDFP.

Mula noon, ang paggigiit sa muling pagpapatibay o pagkilala sa mga kasunduan na nilaman ng The Hague Joint Declaration ang laging nasa unahan ng *agenda* na itinutulak ng NDFP sa kada pagsisimula ng mga impormal at pormal na usapang pangkapayapaan mula kay Ramos hanggang kay Duterte. Kailangan ito para patuloy na hadlangan at biguin ang GRP sa imbing pakana nitong bitagin ang rebolusyonaryong kilusan, na kinakatawan ng NDFP, sa linya ng pagsuko at kapitulasyon.

Ang Comprehensive Agreement on the Respect of Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL) ang una sa apat na *substantive agenda* na nilaman ng The Hague Joint Statement ay napagkasunduan ng magkabilang panel ng mga negosyador noong Marso 16, 1998 at nagkabisa matapos mapirmahan ni Chairman Mariano Orosa sa panig ng NDFP noong Abril 10 at ng noo'y pangulong Joseph Estrada sa panig ng GRP noong Agosto 7, 1998. Ang mga laman at probisyon sa kasunduang ito ay umaalinsunod at sumasalamin sa mga prinsipyong katanggap-tanggap sa dalawang panig na nilaman ng The Hague Joint Declaration. Ang pagrespeto at pagtatanggol sa karapatang tao at maging sa pagkilala sa mga internasyunal na batas sa kondukta ng digmaan at armadong tunggalian ay nakatuntong at nakabatay sa pagtatanggol sa pambansang soberanya, demokrasya at umaayon sa hustisyang panlipunan.

Sa pinal na burador ng Comprehensive Agreement on Socio Economic Reforms (CASER) na inihapag ng NDFP Reciprocal Working Committee sa katapat nito sa GRP, malinaw na nakasaad ang mga probisyon na naggigiit at nagtatanggol sa pambansang soberanya at patrimonya laban sa pagsasamantala at pandarambong ng mga dayuhang imperyalista at mga lokal na kasapakat nito.

Ang usapang pangkapayapaan ay isang larangan din ng labanan na mahalaga para sa pagsusulong at pagtataguyod sa mga demokratikong karapatan at interes na ipinaglalaban ng mamamayan sa kabuuan at sa pambansang soberanya sa partikular, mula sa mga lantarang agresyon at paglabag ng imperyalismong US at China.

# Paano itinataguyod at pinauunlad ng NDFP ang pambansa, syentipiko at makamasang kultura?

*TOMO 39 BLG 8, AGOSTO 2019*

Habang nagpupunyagi sa demokratikong rebolusyon, sabay at mulat na binabaka ng rebolusyonaryong kilusan ang makadayuhan, pyudal, burgis at dekadenteng kultura na bumabalot sa lipunang Pilipino. Ngayo'y isinusulong natin ang isang pambansa-demokratikong rebolusyong pangkultura na nagtataguyod ng pambansa, syentipiko at makamasang kultura na papalit sa kultura ng kasalukuyang sistema. Tuluy-tuloy natin itong isusulong sa panahon ng tagumpay hanggang sa panahon ng sosyalistang konstruksyon.

Ang rebolusyong pangkultura ay integral na bahagi ng digmang bayan — ibig sabihin, isinasagawa ito kasabay ng armadong pakikibaka, rebolusyong agraryo at pagtatayo ng baseng masa. Binabasag ng rebolusyong pangkultura ang atrasadong mga paniniwala sa pamamagitan ng syentipikong pag-aaral at edukasyong nakabatay sa Marxista-Leninistang pagsusuri. Tumatagos ito sa mga programa sa edukasyon ng mga organisasyong nakapaloob sa NDFP.

Pinangungunahan ng NDFP at rebolusyonaryong kilusan ang pagtataguyod at pagpapaunlad ng pambansang kultura. Hindi tulad ng reaksyunaryong estado na naninikluhod sa mga dayuhan, ipinagtatanggol natin ang soberanya ng Pilipinas at sa gayo'y ikinikintal sa diwa ng mamamayan ang pagiging makabayan. Itinataguyod natin ang sariling identidad at ang kaisipang pag-asa sa sarili habang binibigyang laya ang mga pambansang minorya na pagyamanin ang sariling kultura. Kinikilala natin ang kasaysayan, kapasyahan at identidad ng sambayanang Moro at Kordilyera dahil lehitimo nila itong karapatan na ipinagkait sa kanila ng mga dayuhan.

Bahagi ng pagtataguyod ng pambansang kultura ang aktibong paglaban ng NDFP sa mga patakaran ng reaksyunaryong rehimen na nagpapapurol sa patriyotikong kamalayan ng mga Pilipino tulad ng CHED Memorandum Order No. 20 na nag-alis sa Filipino *subject* sa kurikulum ng kolehiyo. Naninindigan tayo na dapat pag-aralan at paunlarin ng mamamayan ang wikang Filipino at mga lokal na lenggwahe. Isinasapraktika ng kilusan ang prinsipyo ng pagpapahalaga sa wika sa paggamit sa Filipino at iba pang lokal na lenggwahe sa ating mga pahayagan, dokumento, mga babasahin at iba pang materyales.

Tinutunggali rin ng rebolusyonaryong kilusan ang nakalukob na pyudal, atrasado at konserbatibong kultura na kinakatawan ng simbahan at pinatigas ng daan-daang taong pamamayani ng pyudalismo. Masasalamin ito sa mga walang-batayang mga paniniwala, kaugalian at pamahiin. Layon nating unti-unting pawiin ang ganitong kultura sa pamamagitan ng edukasyon at pag-aangat sa siyentipikong kamalayan ng masa.

Sa programa ng NDFP, titiyakin na ang lahat ay matututong bumasa, sumulat, bumilang at magpaunlad ng kaalaman upang mag-ambag sa lipunan.

Habang nasa yugto ng digmang bayan at wala pa sa sosyalistang konstruksyon, nagsasagawa na ng numerasiya at literasiya laluna sa hanay ng masang anakpawis upang kalagin sa kanila ang tanikala ng kamangmangan at mamulat sila sa kanilang mapagpasyang papel sa pagbabagong panlipunan. Nakatayo na ang mga pambansa-demokratikong paaralan sa mga sona at baseng gerilya at maging sa mga lungsod upang tiyakin ang paghuhubog sa makauring kamalayan ng mamamayan.

Sa panahon ng tagumpay ay itatransporma ang kasalukuyang sistema ng edukasyon na hindi akma sa pangangailangan ng taumbayan. Titiyakin ng gubyernong bayan ang libreng edukasyon sa lahat ng antas. Hindi na magiging pabrika ng mga manggagawa ng dayuhang korporasyon ang mga pamantasan. Sa halip, maglilingkod ang mga ito sa pagtatayo ng nagsasariling ekonomya at pagpapanday ng pambansa at makamasang kultura.

Sa pagsusulong ng digmang bayan epektibo nating mahuhulma ang minimithi nating makamasang kultura. Simula't sapul ay ginagabayan ang rebolusyonaryong kilusan ng linyang masa na nagsasabing ang masa at masa lamang ang tagapaglikha ng kasaysayan. Kilusang masa ang ating pamamaraan sa pagsasagawa ng mga kampanya at programa sa kultura.

Sa usapin ng sining at midya, tinutunggali ng rebolusyonaryong kilusan ang burgis-dekadenteng kultura sa mga palabas, awitin, babasahin at programang ipinopopularisa sa telebisyon, radyo, internet at iba pang midyum. Ipinalalaganap ng mga ito ang pagkahumaling sa makamundong bagay, bisyo, indibidwalistang pananaw, pagkakanya-kanya at konsumerismo upang mailayo ang mamamayan sa landas ng pagkakaisa at pagrerebolusyon. Daluyan din ng kasinungalingan at panlilinlang ng estado ang masmidya na nagluluwal ng sandamukal na *fake news* habang pinagtatakpan ang kabulukan ng reaksyunaryong gubyerno.

Ang rebolusyonaryong alternatibo sa mga burgis na produktong pangkultura ay mga obrang sumasalamin sa tunay na kalagayan ng lipunan at mga adhikain ng mamamayan. Mula nang maitatag ang rebolusyonaryong kilusan, ipinalaganap na ang ganitong tipo ng sining sa mga eskwelahan, pabrika, palengke, kalsada at mga sonang gerilya. Hindi nahahangganan ang pagpapalaganap ng rebolusyon sa porma man ng awit, pelikula, dula, tula, dibuho, mural at iba pa. Tinatangkilik ito ng malawak na masa dahil ang masa mismo ang dinadakila at itinatanghal sa bawat obrang sining na sila rin ang inspirasyon.

Ilan sa mga ambag ng TK sa kaban ng mga rebolusyonaryong obra ang album na Dakilang Hamon na nagbandila sa mga aral ng Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto at ang Dagitab na koleksyon ng mga akdang pampanitikan mula sa TK. Bukod dito'y nagsisikap ang rehiyon na magprodyus ng mga bagong awit, bidyo, mga sining biswal at iba pa na nagtatanghal sa pambansa at proletaryong kultura.

Kinakatawan ng Artista at Manunulat ng Sambayanan (ARMAS) ang bukluran ng mga rebolusyonaryong manggagawang pangkultura. Binibigyang kabuluhan nito ang talino, talento at galing ng artistang Pilipino upang magsilbi sa pagtatagumpay ng rebolusyon. Nangunguna ito sa pagpapalaganap ng anti-imperyalista at anti-pyudal na mga pyesa at obra. Higit sa lahat, pinangungunahan ng ARMAS ang pagsasabuhay ng rebolusyong pangkultura sa lahat ng larangan mula sa mga lihim na organisasyon sa lungsod hanggang sa Pulang hukbo na direktang kalahok ng armadong pakikibaka.

Integral na bahagi ng rebolusyon ang rebolusyong pangkultura kapwa sa yugto ng digmang bayan at sosyalistang konstruksyon. Susing usapin ito upang malantad ang pagkabangkarote ng kulturang hatid ng imperyalismo at pyudaIismo. Sa gayon, lalong magniningning ang katumpakan ng rebolusyong pinangungunahan ng uring proletaryado hanggang sa ganap na tagumpay.

# Paano tinutugunan ng rebolusyonaryong kilusan ang mga suliraning kinahaharap ng masang anakpawis sa larangan ng ekonomya, pulitika at sosyo-kultura?

*TOMO 39 BLG 10, OKTUBRE 2019*

Wasto, makabayan, demokratiko at superyor ang mga alternatibong programa ng rebolusyonaryong kilusan sa larangan ng ekonomya, pulitika at sosyo-kultura laban sa huwad, bulok, anti-mamamayan at makadayuhang programa ng pasistang rehimeng US-Duterte.

Ang Programa para sa Pambansa Demokratikong Rebolusyon ng Bayan (PPDR) ng PKP-BHB-NDFP ay naglalaman ng mga programa sa pakikibaka para sa pagsusulong sa interes at adhikain ng sambayanang Pilipino na naghahangad ng isang malaya, demokratiko at maunlad na lipunang Pilipino. Nilalayon nitong palayain ang lahat ng masang anakpawis at buong bansa mula sa dominasyon ng dayuhan at mga lokal na naghaharing pangkatin mula sa uring malalaking panginoong maylupa at burgesya komprador at sa gayon sumulong sa sosyalistang rebolusyon at kontruksyon.

Nilalabanan nito ang imperyalismo, pyudalismo at burukrata-kapitalismo na siyang pangunahing dahilan kung bakit nananatiling bansot, atrasado at pre-industriyal ang kalagayan ng ekonomya ng bansa at siyang nagsasadlak sa sambayanang Pilipino sa labis na kahirapan at pagkabusabos.

Nilalaman ng binalangkas na Comprehensive Agreement on Socio-Economic Reform (CASER) ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP), na ikalawang substansyal na agenda sa usapang pangkapayapaan sa Gubyerno ng Republika ng Pilipinas (GRP), ang mga saligang programa sa ekonomiya ng PPDR. Pangunahin ang pagsasakatuparan ng tunay at puspusang reporma sa lupa at pagpapatupad ng pambansang industriyalisasyon. Laman din ng CASER ang pagtiyak na makatarungan at may masaganang kabuhayan ang mamamayan. Mulat na pinangangalagaan at ipinagtatanggol ang pambansang soberanya at patrimonya at pinoprotektahan ang kalikasan mula sa pagsasamantala, pandarambong at pagwasak ng mga dayuhang korporasyon, kasabwat ang mga lokal na malalaking panginoong maylupa at burgesya komprador.

Ang pinakamapagpasyang bahagi sa ekonomya, kabilang ang mga bangko at ibang mga institusyon sa pinansya, mga estratehikong empresa, mga pangunahing pinagkukunan ng hilaw na materyales at mga instrumento ng transportasyon at komunikasyon, ay isasabansa at ituturing na pag- aari ng demokratikong estado ng bayan upang matiyak ang planadong pag-unlad ng ekonomya at mailatag ang pundasyon ng sosyalismo.

Kagyat na tinutugunan ng rebolusyonaryong kilusan ang mga kahilingan at pangangailangan ng masang anakpawis sa proseso ng pakikibaka kahit hindi pa man ito nagtatagumpay sa buong bayan.

"Libreng ipamamahagi ang lupa sa mga nagbubungkal na walang lupa. Papawiin ang upa sa lupa, pagsasamantala sa upahang paggawa, usura, manipulasyon sa presyo at iba pang mga pyudal at malapyudal na pagsasamantala. Itataguyod ang mga pangkat-tulungan at sistema ng palitan ng paggawa bilang paunang hakbang tungo sa mas matataas na anyo ng kooperasyong agrikultural. Sa pamamagitan ng kooperasyong agrikultural, iaangat at mahusay na paplanuhin ang produksyon at

titiyaking maibebenta ang mga produkto sa pinakamahusay na posibleng presyo, at gagarantiyahan ang mga serbisyong pangkagalingan."

Sa mga sona't larangang gerilya ng rehiyong Timog Katagalugan at sa iba't ibang panig ng bansa malaganap nang pinatutupad ng rebolusyonaryong kilusan ang iba't ibang anyo ng kampanya at pagpapakilos sa masang anakpawis na kagyat na tumutugon sa pangangailangan at pag-aangat ng kanilang kabuhayan.

Pinakatampok na kampanya ang pagsusulong sa minimum na programa ng rebolusyong agraryo sa anyo ng mga kampanya sa pagpapababa sa upa-sa-lupa, sa pagpapataas ng sahod ng mga manggagawang bukid at maralitang magsasaka, sa pagpawi sa usura at sa pagpapataas ng presyo ng produktong bukid. Sa malalakas na bahagi ng mga larangang gerilya sa rehiyon, naipapatupad na ang libreng pamamahagi ng lupa at ngayon ay tuluy-tuloy na pinakikinabangan ng mga magsasaka ang bunga ng nasabing mga tagumpay.

Ang hindi magawa ng reaksyunaryong estado na iangat ang kabuhayan ng mga magsasaka ay nagagawa na ng rebolusyonaryong kilusan sa maraming panig ng rehiyong TK at bansa.

Mataas ang pagmamalasakit ng rebolusyonaryong kilusan sa masang anakpawis upang kagyat na matugunan ang kanilang pangangailangan at kapakanan. Bukod sa mga kampanya sa larangan ng ekonomiya, nagsasagawa din ng iba pang kampanya ang rebolusyonaryong kilusan tulad ng kampanya sa literasiya at numerisiya, kalusugan at sanitasyon.

Ipinapalaganap ang pambansa, syentipiko at pangmasang sistema ng kultura at edukasyon upang pawiin ang mga pamahiin at pyudal na paniniwala na siyang humadlang sa mabilis na pag-aangat ng produksyon sa kanayunan. Sa pamamagitan ng mga kampanyang edukasyon at impormasyon, nilalabanan ang lahat ng kontra-rebolusyonaryong kaisipan nang may paggalang sa kalayaan sa pag-iisip at paniniwala ng sinuman.

Malayo na ang narating at marami na ang mga tagumpay ng rebolusyonaryong kilusan sa unti-unting pag-aangat ng kabuhayan ng uring anakpawis alinsunod sa pagpapatupad sa programa ng demokratikong rebolusyon ng bayan sa iba't ibang larangan. Hindi magtatagal, ang mga tagumpay na ito sa maraming bahagi ng kanayunan ng bansa ay magiging malaganap na diklap sa buong kapuluan upang ihudyat ang tagumpay ng pambansa demokratikong rebolusyon sa buong bayan at hawanin ang daan sa kasunod na sosyalistang rebolusyon at konstruksyon. K

# Paano itinataguyod ng rebolusyonaryong kilusan ang karapatan at kapakanan ng mga bata?

*TOMO 39 BLG II, NOBYEMBRE 2019*

Mayorya ng mga bata sa bansa ay anak ng mga magsasaka, manggagawa at mga maralita sa kanayunan at kalunsaran. Biktima sila ng isang lipunang walang hustisya at katarungang dulot ng patuloy na pagsasamantala at pang-aapi ng mga naghaharing-uri. Nakararanas sila ng matinding kahirapan, gutom, kawalang oportunidad at kasalatan sa mga batayang serbisyong sosyal.

Napipilitan ang maraming kabataan na magtrabaho sa murang edad upang madagdagan ang kakarampot na kita ng kanilang mga magulang. Marami sa kanila ang hindi na nakapag-aral o tumigil na sa pag-aaral dahil sa labis na kahirapan at sa tumataas na halaga ng edukasyon sa bansa. Ang ilang kabataan ay natutuksong pumasok sa prostitusyon at ang iba'y nagiging biktima ng pornograpiya. Maraming kabataan ang ipinagbibili at ibinibenta na parang mga kalakal. Nakararanas silang madakip at maging biktima ng *human trafficking* upang makuhanan ng mga bahagi ng kanilang katawan, magamit sila sa pagpapalaboy, pagnanakaw, operasyon ng iligal na droga at kadalasa'y naikukulong kasama ang mga kriminal.

Nitong nakaraan, ang mga bata ang pangunahing biktima naman ng gera sa kontra-droga ng rehimeng US-Duterte. Isa sa matingkad na kaso ang tatlong taong gulang na bata na napaslang sa operasyon ng PNP sa Rizal. Walang kahihiyan pang itninuring ni Ronald dela Rosa na 'hindi maiiwasan ang ganoong mga pangyayari.'

Naninindigan ang NDFP na nararapat na tiyaking iginagalang ang karapatan ng mga bata at dapat na sinisigurong napapangangalagaan ang kanilang mga kapakanan sa lahat ng panahon. Tinitiyak ng NDFP na pinahahalagahan ng mga batas at patakaran ng demokratikong gubyernong bayan ang mga bata. Ipinatutupad din nito ang mga internasyunal na batas na nagpoprotekta sa interes ng mga bata lalo na ang mga nasa erya na apektado ng digmaan. Kabilang ang mga bata sa pangunahing apektado ng mga kaso ng pagbabakwet ng mamamayan dahil sa matinding militarisasyon.

Walang katotohanan ang mga paratang ng AFP na nagrerekrut ang rebolusyonaryong kilusan ng mga bata upang sumapi sa Bagong Hukbong Bayan. Mahigpit na tumatalima ang lahat ng yunit ng BHB sa panuntunan nitong tanging ang mga edad 18 pataas lamang ang maaring tanggapin sa Pulang hukbo. Malinaw na nakasaad ito sa Saligang Alituntunin ng Bagong Hukbong Bayan.

Samantala, ang mga ipinipresenta ng AFP na mga diumano'y '*child soldiers*' ay walang iba kundi mga sibilyan na kanilang iligal na inaresto, ikinulong at walang awang pinaslang. Ang mga batang ito ay biktima ng iba't ibang atrosidad ng AFP-PNP tulad ng panlilinlang, pananakot, abusong sekswal, panggagahasa at pagpatay.

Sa katunayan, ang AFP-PNP ang nagrerekrut ng mga menor de edad para sa CAFGU. Sa TK, ilan sa mga biktima ang magkakapatid na Noel, Edrian, Jolina at Erlindo Jr. Baez mula sa Sityo Kalabasahan, Brgy. Quipot, San Juan, Batangas.

Pinaratangang mga tagasuporta ng BHB ang magkakapatid at ang kanilang mga magulang nang hindi sila dumadalo sa mga pulong na patawag ng 740th Combat Group, Philippine Air Force sa pamumuno ni Lt. Col. Arnel Villareal, 59th IBPA at ng CAFGU. Sapilitang nirerekrut ang magkakapatid sa CAFGU sa pamamagitan ng pananakot at intimidasyon. Si Noel, na 17 anyos ay nabaliw dahil sa naranasang tortyur sa kamay ng mga sundalo habang nasa isang *beach resort* sa

Laiya, Batangas noong 2010. Sa parehas na taon, ininteroga at tinakot naman nina Sgt. Anthony Casapao at Sgt. Areta ng 740th CGPAF si Edrian na 16 anyos noon.

Hindi lamang ang magkakapatid na Baez ang sapilitang nirerekrut ng 740th CGPAF kundi maging ang kanilang mga kababaryo na sina Louie Guttierez, 17 anyos noon at Arnold Leyza, noo'y 14 anyos. Sa murang edad, pinapasapi sila sa CAFGU ng mga sundalo. Ang AFP-PNP ang siyang hindi gumagalang sa karapatan ng mga bata. Kabilang sila ng buong makinarya ng estado na siyang patuloy na nagtataguyod ng malakolonyal at malapyudal na lipunang Pilipino.

Sa kabilang banda, itinataguyod ng NDFP ang 1990 Convention on the Rights of the Child bilang pagtupad din nito ng nakasaad sa 1996 Declaration of Undertaking to Apply the Geneva Conventions and Protocol I. Matapat na ipinapatupad din ng NDFP ang obligasyon sa ilalim ng CARHRIHL na pagtataguyod, pangangalaga at pagsusulong ng karapatang tao kabilang ang karapatan ng mga bata para sa mahusay na pamumuhay na malayo sa anumang tipo ng pagsasamantala at pang-aapi.

Sa iba't ibang larangang gerilya, tinitiyak ng mga itinatayong organo ng kapangyarihang pampulitika at yunit ng BHB ang pangangalaga sa interes at kapakanan ng mga bata. Nagsisilbing mga paaaralan, klinika at lugar para sa pag-papaunlad ng sarili ang mga rebolusyonaryong base at yunit ng BHB. Natututong magbasa at magsulat ang maraming bata dahil sa mga programa sa literasiya at numerasiya. Bahagi rin ng kurikulum ng mga mag-aaral ang pagpapaunlad ng produksyon kung saan kasama rin nila ang kanilang mga magulang. Ang rebolusyonaryong kilusan din ang siyang nangunguna sa pangangalaga ng kanilang kalusugan sa pamamagitan ng mga proyekto sa baryo na nakatuon sa mga kinakaharap na usaping medikal. Sinisiguro ng rebolusyonaryong kilusan na hindi nakakaramdam ang mga bata ng anumang takot at malaya silang maging mga bata. Ilan lamang ito sa mga natatamasa ng mga bata sa mga rebolusyonaryong base.

Ang reaksyunaryong gubyerno ang malubha at sistematikong lumalabag sa karapatan ng mga bata at isa sa mga pangunahing dahilan kung bakit sa murang edad pa lamang namumulat na ang marami sa pagrerebolusyon. Ang malakolonyal at malapyudal na sistema ang siyang pangunahing nagtutulak sa kanila upang isulong ang digmang bayan na siyang magpapalaya sa mamamayan mula sa pang-aapi at pagsasamantala. Ang laban para sa isang makatarungan at malayang lipunan ay laban ng lahat—ng mga magsasaka, manggagawa at maralita kasama ang kanilang mga anak. K

# Paano tinutugunan ng rebolusyonaryong kilusan ang pag-harap sa epekto ng mga kalamidad sa mamamayan?

*TOMO 39 BLG 12, DISYEMBRE 2019*

Paglingkuran ang Sambayanan! Maging mapagmalasakit sa kapakanan at kagalingan ng masang anakpawis!

Sa anumang panahon, may pangyayari mang kalamidad o wala, ang pagtataguyod at pakikipaglaban para sa kapakanan at kagalingan ng masang Pilipino ang nangunguna sa listahan ng mga mayor at pamalagiang tungkulin at gawain na pinatutupad ng rebolusyonaryong kilusan. Nakabalangkas sa mga plano't programa ng rebolusyonaryong kilusan kung paano lulutasin at bibigyan ng katuparan ang mga hinaing at kahilingan ng masa na magkaroon ng lupang masasaka, ng pagkakaroon ng regular na trabaho at tumanggap ng nakabubuhay na sahod, ng pagkakaroon ng pagkain sa bawat hapag kainan, mura at disenteng pabahay, libreng serbisyong publiko at iba pang pangangailangan upang mabuhay ng disente at may dignidad.

Ang Programa Para sa Demokratikong Rebolusyon (PPDR) at ang 12-Puntong Programa ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) ay mga komprehensibong programa na kongkretong tumutugon sa malaon nang kahilingan ng sambayanang Pilipino na lumaya mula sa pang-aapi at pambubusabos ng mga malalaking burgesya-komprador, panginoong maylupa, mga burukrata kapitalista at ng amo nilang imperyalistang US. Pangunahing winawakasan ng rebolusyonaryong kilusan ang sanhi ng kahirapan at kaapihan na nararanasan ng sambayanang Pilipino na dulot ng imperyalismo, pyudalismo at burukrata-kapitalismo. Kaya't sentral at pangunahing tungkulin ang pagpapabagsak sa malakolonyal at malapyudal na lipunang Pilipino at kamtin ang pambansang kalayaan at demokrasya sa bansa. Nilalayon ng rebolusyonaryong kilusan na maitatag ang isang malayang Pilipinas na nagtatamasa ng tunay na kalayaan, demokrasya at kaginhawaan para sa lahat ng mamamayang Pilipino.

**Paano tinutugunan ng rebolusyonaryong kilusan ang pangangailangan ng mga mamamayang tinamaan ng kalamidad dulot man ng bagyo o ng lindol?**

Mabilis at kongkreto ang isinasagawang pagtugon at pagtulong ng rebolusyonaryong kilusan sa mga mamamayang naapektuhan o biktima ng kalamidad. Araw-araw ay kapiling ng rebolusyonaryong kilusan ang mga magsasaka, katutubo at manggag awang bukid na siyang pinakabulnerableng sektor at laging tinatamaan ng kalamidad likha man ng kalikasan o gawa ng tao. Dahil dito, ang rebolusyonaryong kilusan ang una at siyang mabilis na nakapagbibigay ng saklolo at kagyat na tulong sa masa lalo na yaong mga nasa bingit ng panganib dulot ng bagyo at ng lindol. Ang rebolusyonaryong kilusan ang una at mabilis na nakapaghahatid ng tulong at ayuda sa mga sinalanta ng bagyo o lindol bago pa man makarating sa mga biktima ang tulong mula sa mga pribadong institusyon at reaksyunaryong gubyerno. Sa pamamagitan ng mga organo ng kapangyarihang pampulitika at gubyernong bayan sa antas baryo, munisipalidad at distrito, minomobilisa ang lahat na maaaring makatulong sa pangangalap ng pagkain, tubig, gamot at materyal mula sa mga kaalyado at kaibigan. Nagbubuo ng mga kaukulang komite, brigada ng mga boluntir na agarang nagsasagawa ng mga *emergency relief*, rehabilitasyon at pagkukumpuni ng mga nasirang kabahayan ng masa.

Bagama't ang kanyang mga kasapian ay biktima at apektado din ng kalamidad, nagagawa pa ring unahin ng rebolusyonaryong kilusan ang mabilis na pagtugon sa mga pangangailangan ng

masang biktima ng kalamidad. Katuwang ng mga lokal na gubyernong bayan ang mga saligang organisasyong masa tulad ng Pambansang Katipunan ng Magsasaka (PKM), Malayang Kilusan ng Bagong Kababaihan (MAKIBAKA), Kabataang Makabayan (KM) at iba pang rebolusyonaryong grupo sa baryo, munisipalidad at distrito. Ang mga saligang organisasyong masang ito at iba pang kaalyadong organisasyon sa ilalim ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) ang sama-sama at tulung-tulong na minomobilisa ang sarili para iligtas, tulungan, mamahagi ng mga nakalap na *relief goods* hanggang sa rehabilitasyon at pagkukumpuni ng mga nasirang kabahayan, maliit na daan at tulay na yari sa kahoy.

Sa kabilang banda, isinasagawa ng rebolusyonaryong kilusan ang *relief operations* at rehabilitasyon nang hindi binibitiwan ang mataas na antas ng pagiging alerto at pagmamatyag sa posibilidad ng mga patraydor na pag-atake ng mga mersenaryo at pasistang tropa ng AFP at PNP.

**Pagtuturo at edukasyon sa masa hinggil sa wastong paghahanda at pagtugon sa kalamidad**

Mahalagang banggitin na hindi lang sa mga *relief operations* at rehabilitasyon nakatuon ang pansin ng rebolusyonaryong kilusan para maipadama niya ang kanyang angking pagmamalasakit sa kapakanan at kagalingan ng masang Pilipino. Higit sa anupaman, binibigyan ng diin at tutok ng rebolusyonaryong kilusan ang edukasyon sa masa para maabot nila ang isang antas ng kahandaan sa pagharap sa anumang kalamidad (*disaster preparedness*) at pagtugon dito. Tinuturuan ng mga kasama ang masa ng mga gagawin at kinakailangang hakbangin bilang paghahanda sakaling may paparating na malakas na bagyo sa kanilang lugar o nasa panahon na niyayanig sila ng malakas na paglindol.

Nagsasagawa ng mga pulong masa para ipaliwanag sa taumbaryo ang posibilidad at maaring kahantungan ng kanilang buhay at ari-arian sakaling magkaroon ng kalamidad sa kanilang lugar lalo na yaong mga naninirahan sa mga panabihang bundok, nasa mga pampang ng ilog at baybaying dagat. Pinaliliwanag sa kanila na sila ang higit na bulnerable na matabunan ng pagguho ng lupa, ng pagragasa ng tubig at putik mula sa kabundukan, ng pagbaha at pag-apaw ng mga kailugan at malalakas na paghampas ng mga naglalakihang alon dahil sa daluyong. Tinuturuan ang taumbaryo ng mga dapat na gagawin para maagang makapaghanda at maiwasan na magkaroon ng trahedya sa kanilang pamilya. Halimbawa nito, kahit malayo pa ang bagyo, may mga umiikot nang mga kinatawan ng gubyernong bayan na nananawagan at nanghihikayat sa mga masang nasa bulnerableng lugar na agaran nang magsilikas at magsitungo sa ligtas na lugar na nauna nang tinakda ng mga saligang organisasyong masa at ng gubyernong bayan bilang tipunan ng mga magsisipaglikas.

Kabilang din sa mga hakbangin ng gubyerno ng bayan ang pagbubuo ng mga komite ng mamayan para sa kalamidad, komite sa pangangalap ng tulong at donasyon, ng *quick response teams*, komite sa rehabilitasyon at iba pang komite na katulong ng gubyernong bayan sa pagtugon sa kalamidad.

Ang pagtuturo ng sapat na kaalaman at kahandaan ng masa sa pagharap sa mga kalamidad na dulot ng bagyo o lindol ang pinakamahalagang paraan ng rebolusyonaryong kilusan upang maiwasan o mabawasan ang epekto ng kalamidad sa masa. Ganunpaman, kinikilala ng rebolusyonaryong kilusan na ang pangunahing dahilan kung bakit nalalagay sa panganib at napakabulnerable ng masa na tamaan ng kalamidad mula sa mga pagguho ng lupa, mga pagbaha at hampas ng malalakas na daluyong ng alon ay dahil sa umiiral na kaayusang malakolonyal at malapyudal ng lipunang Pilipino. Dahil sa kawalan ng lupang masasaka o kapirasong lupang matitirikan man lang, naoobliga ang mga maralitang magsasaka, mga katutubo at mga manggagawang bukid na manirahan sa mga balisbisan ng bundok, mga panabihan ng ilog at baybaying dagat. Dahil walang mga sariling lupa, wala silang ibang mapagpipilian kundi ang

ipagsapalaran ang kanilang buhay at ari-arian sa pagtira sa mga mapanganib o delikadong mga lugar sa kanayunan.

Ang pagpapakilos sa masa para sa rebolusyon ang papawi sa kanilang kinasasadlakang bulnerabilidad at maglalayo sa kanila sa panganib at banta ng kalamidad.

Kung gayon, kinikilala ng rebolusyonaryong kilusan na hindi lang natatapos sa mga *relief operations* at sa pagtuturo sa masa kung ano ang nararapat na gawin para maiwasan o mabawasan ang epekto ng kalamidad sa kanila. Higit sa lahat dapat silang imulat, organisahin at pakilusin para sa demokratikong rebolusyon ng bayan. Sa pamamagitan ng kanilang paglahok sa armadong rebolusyon, papawiin ang mga dahilan at kundisyon na naglalagay sa masang Pilipino sa mapanganib na sitwasyon at pagiging bulnerable sa tama at epekto ng mga bagyo't lindol na maaaring humantong sa trahedya at kalamidad.

## Paano ipinapakita ng NDFP ang sinseridad nito sa pagpasok sa usapang pangkapayapaan sa GRP?

*TOMO 40 BLG I, ENERO 2020*

Ang sinseridad ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) sa pagpasok sa usapang pangkapayapaan sa GRP ay makikita at masusukat sa kagustuhan nitong lutasin ang matagal nang umiiral na pambansa at makauring pagsasamantala't pang-aapi sa sambayanang Pilipino ng imperyalismo, pyudalismo at burukrata-kapitalismo. Sa pamamagitan ng pagpasok sa usapang pangkapayapaan, ninanais ng NDFP na makakuha ng komon na kasunduan sa reaksyunaryong gubyerno alinsunod sa isinusulong nitong pambansa-demokratikong agenda at programa, upang basagin ang dominasyon sa ekonomiya at pulitika sa bansa ng malalaking burgesya-komprador, panginoong maylupa, burukrata kapitalista at ng amo nilang imperyalistang Amerikano at Tsino. Anumang usapang pangkapayapaan na hindi naglalayong lutasin ang sanhi at ugat ng pagkakaroon ng armadong tunggalian at magbibigay daan sa pagkakamit ng makatarungan at matagalang kapayapaan sa bansa ay peke at hungkag tulad ng mga kasunduang pangkapayapaan na pinasok ng reaksyunaryong gubyerno sa bandidong grupong RPA-ABB, CPLA at iba pang grupong *pseudo-revolutionaries*.

Pumapasok ang NDFP sa peace talks tangan ang mga katanggap-tanggap na unibersal na prinsipyo ng pambansang soberanya, demokrasya, hustisyang panlipunan at karapatang pantao. Ito ang mga prinsipyong sinasalalayan ng The Hague Joint Declaration ng 1992 na una at makaysayang kasunduan na pinasok ng NDFP at ng GRP sa panahon ng administrasyong Ramos. Ang The Hague Joint Declaration na nagsisilbing pangkalahatang balangkas sa usapang pangkapayapaan ay patuloy na iginigiit at ipinaglalaban ng NDFP laban sa mga pagtatangka na isantabi at balewalain ito ng mga sumunod na rehimen hanggang kay Duterte.

Ang pagsasantabi at pagbabalewala sa mga kasunduan na nilaman ng The Hague Joint Declaration of 1992 at mga kasunod pang kasunduan tulad ng Joint Agreement on Safety and Immunity Guarantee (JASIG) at Comprehensive Agreement on the Respect of Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL) ay hindi nakatuntong sa paglutas sa sanhi at ugat ng armadong tunggalian sa bansa at sa gayon, sumasalungat sa pagkakamit ng makatarungan at matagalang kapayapaan sa Pilipinas. Ganito ang kasalukuyang paninidigan at aktitud ng pasistang rehimeng US-Duterte sa urong-sulong nitong postura sa negosasyong pangkapayapaan sa NDFP.

Hindi nangangamba ni nababahala man lang ang NDFP kahit lubusan nang tinalikuran ng rehimeng Duterte ang pagkakaroon ng seryosong usapang pangkapayapaan sa NDFP. Malalim ang sapul ng NDFP na ang pangunahing paraan para maigiit ang mga kahilingang pambansa at demokratiko ng mamamayan ay sa pamamagitan ng armadong pakikibaka. Na ang pagpasok sa usapang pangkapayapaan sa isang katunggaling armadong pwersa at gubyerno ay dapat maglingkod sa pagkakamit ng mga kahilingang ito ng sambayanang Pilipino kahit hindi pa man lubos na nagtatagumpay ang rebolusyon sa buong bayan.

Sa harap ng umiral na gyerang sibil sa bansa, ang rebolusyonaryong kilusan na pinamumunuan ng Communist Party of the Philippines-MLM (CPP-MLM) ay laging handang

humarap sa negosasyong pangkapayapaan sa reaksyunaryong gubyerno bilang pwersang kapantay at *belligerent*. Usapin na lang kung sino sa dalawang panig ang tunay na ang sinsero.

Sa ganitong diwa binibigyan ng halaga ng NDFP, bilang kinatawan ng rebolusyonaryong kilusan, ang pagpasok sa usapang pangkapayapaan sa GRP bilang isang arena ng labanan sa pagkakamit ng tagumpay para sa kagalingan at interes ng sambayanang Pilipino. Tulad ng pakikibakang parlamento at kilusang masa, ang usapang pangkapayapaan ay mahalagang larangan ng pakikibaka para sa unti-unting pagpapabagsak sa malakolonyal at malapyudal na sistema ng bansa at halinhan ito ng isang malaya, demokratiko at maunlad na Pilipinas.

Sa kabilang banda, matatag na tinatanganan ng NDFP ang paninindigan nito na magkakaroon lamang ng makatarungan at matagalang kapayapaan sa bansa kung malulutas ang sanhi at ugat ng armadong tunggalian sa lipunan. Ito ay konsistente at umaalinsunod sa linya ng Partido na tanging sa pagtatagumpay lamang ng demokratikong rebolusyon ng bayan (DRB) malulubos ang matagal nang hangarin ng sambayanan na magkaroon ng masaganang buhay ang nakararaming Pilipino, umiiral ang tunay na kalayaan at demokrasya at pinakikinabangan ng lahat ang produkto ng isang maunlad na bansang Pilipinas. Sa pagtatagumpay ng DRB at sa kagyat na kasunod na sosyalistang rebolusyon at konstruksyon, mabibigyan ng katuparan ang adhikain ng sambayanang Pilipino para sa isang makatarungan at matagalang kapayapaan sa bansa.

Kaya may usapang pangkapayapaan man o wala magpapatuloy ang adhikain ng NDFP na ibagsak ang malakolonyal at malapyudal na lipunang Pilipino. Ang pagtalikod at pagbabalewala ng gubyernong Duterte sa usapang pangkapayapaan sa NDFP ay hindi kabiguan o malaking kawalan sa NDFP at taumbayan. Hangga't tangan nito ang armadong pakikibaka bilang pangunahing porma ng pakikibaka sa pagkakamit ng makatarungan at matagalang kapayapaan sa bansa, hindi ito malilinlang at mabibitag sa pagsuko at kapitulasyon na siyang linya at gustong mangyari ng reksyunaryong gubyernong Duterte.

Hanggang sa kasalukuyan patuloy na ipinapataw at iginigiit ni Duterte ang mga kundisyon bago simulan muli ang nauntol na negosasyong pangkapayapaan sa NDFP tulad ng pagdedeklara muna ng tigil-putukan bago ang pag-uusap, na sa Pilipinas gawin ang pag-uusap at hindi sa ibayong dagat at nyutral na lugar at sa paggigiit na gawin ang negosasyon sa balangkas ng reaksyunaryong Konstitusyon na maliwanag na isang linya ng kapitulasyon para pasukuin ang NDFP.

Nais ni Duterte na bitagin si Kasamang Joma Sison, Chief Political Consultant ng NDFP, na umuwi sa PiIipinas para sila magkausap kahit walang malinaw na tinutungo at inaaabot na kasunduan ang mga impormal at *backchannel* na pag-uusap sa NDFP na ginagawa ng mga emisaryo ng rehimen.

Dapat ding alisin ang mga sagka sa pagpapatuloy ng negosasyon tulad ng pagbawi sa mga sumusunod:

1. Proclamation No. 360 ng Nov. 23, 2017 na opisyal na nagdedeklara na terminado na ang usapang pangkapayapaan ng GRP sa NDFP;

2. Proclamation 374 noong Disyembre 5, 2017 na nagdedeklarang mga "terorista" ang mga rebolusyonaryong organisasyon ng CPP-NPA-NDFP;

3. Executive Order No. 70 na nagmimilitarisa sa gubyernong sibilyan sa pamamagitan ng National Task Force to End Local Communist Armed Conflict at ng *whole-of-nation approach* na inilabas niya noong Disyembre 4, 2018;

4. Panghuli, pag-atras sa proscription sa CPP-NPA bilang mga teroristang organisasyon alinsunod sa RA 9372 o Human Security Act of 2007 na nakasampa sa mababang korte.

Wala na ring silbi ang Office of the Presidential Adviser on the Peace Processes (OPAPP) na pinamumugaran ngayon ng mga dating opisyal ng miltar at pulis at kasalukuyang pinamumunuan ng retiradong si General Carlito Galvez na dating hepe ng AFP. Si General Galvez ang isa sa masugid na mga gabinete ni Duterte, kasama sina Lorenzana, Esperon at Año, na lantarang tumututol sa muling pagbubukas ng usapang pangkapayapaan sa NDFP.

Sa harap ng lubusang pagtalikod at kawalan ng sinseridad ng gubyernong Duterte na pumasok sa isang seryosong usapang pangkapayaan sa NDFP, walang ibang dapat gawin ang rebolusyonaryong kilusan at mamamayang Pilipino kundi ang lalong palawakin at paigtingin ang pakikidigmang gerilya sa buong kapuluan. Mag-ipon ng panibagong lakas sa pamamagitan ng pagpapaigting ng mga pakikibakang masa kapwa sa kanayunan at kalunsuran sa paraang armado at di-armado, hayag at lihim, ligal at iligal at mag-antay sa pakikipag-usap ng NDFP sa panibagong gubyernong papalit sa pasistang rehimeng US-Duterte bago o pagkatapos ng kanyang panunungkulan sa Hunyo 30, 2022. K

# Ano ang pambansang industriyalisasyon na isinusulong ng NDFP? Paano nito itinataguyod ang pangangalaga sa kapaligiran?

*TOMO 40 BLG 2, PEBRERO 2020*

Itinuturing ang Comprehensive Agreement on Socio-Economic Reforms (CASER) bilang pinakapuso ng negosasyong pangkapayapaan dahil direktang kinukumpronta nito ang malalim na dahilan ng mga panlipunang ligalig at pang-ekonomiyang problema (kawalan ng lupa, matinding pyudal at malapyudal na pagsasamantala sa mga magsasaka at ng atrasado at pre-industriyal na ekonomya) na siyang pinag-ugatan ng armadong tunggalian sa bansa. Matatag ang paniniwala ng NDFP na makakamit lamang ang makatarungan at pangmatagalang kapayapaan kung malulutas ang dahilan at ugat ng armadong tunggalian sa bansa.

May dalawang pinakamahalagang komponente ang CASER: ang usapin ng pambansang industralisasyon at tunay na reporma sa lupa. Ang tunay na reporma sa lupa at pagpapaunlad ng agrikultura ang nagsisilbing base ng pambansang industralisasyon at pagpapaunlad ng ekonomiya. Hindi magtatagumpay ang pambansang industralisasyon kung walang tunay na repormang agraryo at kaunlaran sa kanayunan. Layunin ng pambansang industralisasyon na matugunan ang pangangailangan ng mamamayan, magbigay ng disenteng hanapbuhay at seguridad sa trabaho, sapat na sahod at maunlad na ekonomiyang patuloy na lumalawak para tugunan ang pangangailangan ng mamamayan at lipunan.

Ganundin, ipinaglalaban ng NDFP ang pagtatanggol sa pambansang patrimonya at pangangalaga ng kapaligiran mula sa pagsasamantala, pandarambong at pangwawasak ng mga minahan at mga anti-mamamayang proyekto ng reaksyunaryong estado. Nilalabanan ang anumang proyekto na mapaminsala sa kalikasan at pangunahing nagtataboy sa mga magsasaka at katutubo mula sa kanilang lupang sinasaka at pinanggagalingan ng kabuhayan. Malinaw sa CASER ang mga probisyon na nangangalaga sa kapaligiran at likas na yaman ng bansa, kumikilala at nagkakaloob ng proteksyon sa mga lupaing ninuno, nagpapatupad ng responsableng paraan ng pagmimina at pangunahing pinaglilingkod ang industriya ng pagmimina sa pambansang industriyalisasyon at sa pagpapaunlad ng buong ekonomiya ng bansa.

Pinaninindigan ng NDFP na ang lahat ng rekursong itinuturing na pampublikong pag-aari, kabilang ang lupa, tubig, mga mineral, potensyal na panggagalingan ng enerhiya, mga kagubatan, wildlife, flora and fauna ay hindi maaaring ariin ng isang indibidwal, korporasyon o isapribado. Lalong hindi maaaring ipagbili o paupahan sa mga dayuhan ang mga naturang yaman sa lupaing publiko. Sa kabilang banda nirerespeto ng NDFP ang mga lehitimong interes ng mga setler sa kanilang lupang binungkal at ng mga pambansang minorya sa kanilang mga lupaing ninuno.

**Ang pagbabasura sa Mining Act of 1995 at pagtatanggol sa kalikasan at kapaligiran**

Sa balangkas ng CASER, ipinaglalaban ng NDFP na dapat lahat ng pagmimina sa bansa ay nasa mahigpit na kontrol ng estado. Nireregularisa upang matiyak na naisasagawa sa loob ng bansa ang pagpoproseso ng mga naminang mineral ores maging hanggang sa ikalawa at ikatlong baitang ng produksyong industriyal. Dapat pag-aari ng estado ang malalaki at estratehikong minahan sa bansa

na nakatuon sa pagmimina ng mga ores at bakal, ginto, pilak, tanso, langis, natural gas, kemikal at iba pang mahahalagang mineral para pagsilbihin sa pambansang industriyalisasyon at pagpapaunlad ng ekonomiya. Sisiguruhin na ang mga kumpanya sa pagmimina ay may mga tuntunin na gumagarantiya na napangangalagaan ang kapaligiran, may pinatutupad na panlipunang kumpensasyon at nagsasagawa ng demokratikong konsultasyon sa taumbayan.

Kaya mahigpit na nilalabanan at ipinapanawagan ng NDFP ang pagbabasura sa Mining Act of 1995 ng GRP dahil malaya nitong ibinubukas ang pambansang patrimonya sa walang pakundangang pagpiga, pagsasamantala at pandarambong ng mga dayuhang namumuhunan sa industriya ng pagmimina kasabwat ang mga lokal na malalaking burgesya-komprador. Ang Mining Act of 1995 ang pangunahing dahilan sa malawakang pagkasira ng mga bundok at kagubatan dahil sa open-pit mining. Ito rin ang dahilan ng pagkasira ng kapaligiran dahil sa pagtapon at pagtagas ng nakalalasong kemikal mula sa mga minahan na nagbunga ng pinsala sa agrikultura at panganib sa kalusugan ng mamamayan.

Ang malawak na pagkasira ng kabundukan, kagubatan at kapaligiran dulot ng Mining Act of 1995 ay nag-ambag sa nangyaring mga mayor na sakuna at kalamidad sa bansa na kumitil ng libo-libong buhay ng mamamayang Pilipino.

Higit sa lahat, ang Mining Act of 1995 ay nagdulot ng malawakang dislokasyon at nagtataboy sa mga magsasaka at katutubo mula sa kanilang mga binubungkal na lupa at lupaing ninuno.

Sa balangkas ng CASER, mahigpit ding ipagbabawal ang komersyal na pagtotroso hangga't hindi naaabot ang sapat na lawak ng kagubatan na patuloy na pinagyayaman ng bansa. Lahat ng pagtotroso ay para lang at nakareserba sa mga Pilipino. Magpapatupad ng mga programa sa pangangasiwa at rehabilitasyon ng kagubatan kabilang ang malawakang pagtatanim ng mga puno upang mapanumbalik at mapagyaman muli ang mga nakalbo at nasirang kagubatan ng bansa. Ang kagubatan ay magsisilbing watershed at pipigil sa pagkakaroon ng mga pagbaha at pagguho ng lupa.

**Ang Pambansang Industralisasyon at mga radikal na hakbang para maisakatuparan ito**

Para sa NDFP, ang Pambansang Industralisasyon ay proseso ng pagtatatag at pagpapaunlad ng iba't ibang antas at uri ng mga industriya na siyang inaasahang magpapasigla sa ekonomiya at tutustos sa mga pang-ekonomikong pangangailangan ng bansa. Tutugon sa lahat ng pangangailangan ng mamamayan sa pagkain, damit, tirahan, serbisyo at itatransporma ang ekonomiya mula sa pagiging atrasado at pre-industriyal tungong maunlad at industriyalisado. Nangangahulugan din ito ng radikal na pagbabaklas ng kasalukuyang kolonyal na padron ng pamumuhunan, produksyon at kalakalan sa bansa. Kailangang baguhin ang kasalukuyang sistemang pang-ekonomiya na pangunahing nakabatay sa:

i. Pagluluwas ng hilaw na materyales na likha ng agrikultura at pagmimina.

ii. Pag-aangkat ng mga yaring produkto at kapital.

iii. Muling pagluluwas ng mga angkat na produktong muling inasembol o muling inempake na mga produktong may mababang halagang idinagdag (low-value added)

Para maging industriyalisado at maunlad na ekonomiya ang bansa, kailangang itatag ang sistema sa ekonomiyang umaasa-sa-sarili. Nangangahulugan ito ng:

i. Pagpapatupad ng reporma sa lupa at pagmemekanisa ng produksyong agrikultural;

ii. Pagtatatag ng mga pabrika at empresa sa iba't ibang antas (magaan, katamtaman at mabibigat) at sektor;

iii. Pagbuhos ng rekurso sa pananaliksik, pagpapaunlad ng siyensya at teknolohiya at kagamitan sa produksyon.

Kailangan wakasan din ang pag-iral ng mga patakarang neoliberal sa ekonomiya ng bansa na umaalinsunod sa dikta ng malalaking bansa partikular ng imperyalistang Estados Unidos. Ipawalambisa ang mga kasunduan sa World Trade Organization (WTO), Asia Pacific Economic Cooperation (APEC) at Association of Southeast Asian Nations at iba pang bilateral agreements tulad ng sa Japan at China. Pinapanatili ng mga kasunduang ito ang malakolonyal at malapyudal na kaayusan ng ating ekonomiya na pangunahing umaasa sa dayuhang pamumuhunan at utang, ginagawang tagaluwas ng mga hilaw na materyales at sangkap at pangunahing nakasalig sa importasyon ng mga yaring produkto. Ang ekonomiyang nakabatay sa pagluluwas ng hilaw na materyales ang nagbukas ng daan upang ang mga likas na yaman ng bansa ay ilagay sa kontrol at pandarambong ng mga dayuhang monopolyo kapitalista, malalaking burgesya-komprador at burukrata-kapitalista.

Kailangang puspusang wakasan ang mga sagkang nabanggit sa unahan upang maisakatuparan ang tunay na reporma sa lupa at pag-unlad ng kanayunan at sumulong ang pambansang industriyalisasyon at pagpapaunlad ng ekonomiya ng bansa. K

# Ano ang mga programa sa kalusugan ng rebolusyonaryong kilusan?

*KALATAS, TOMO 40 BLG 4, ABRIL 2020*

Mataas ang pagpapahalaga ng rebolusyonaryong kilusan sa pangangalaga sa kalusugan at pagtugon sa pangangailangang medikal ng masang pinaglilingkuran nito. Prebensyon o pag-iwas sa pagkakasakit ang pangunahing nilalayon ng mga gawain at serbisyong medikal ng rebolusyonaryong kilusan. Pamalagian ang paghahanap nito ng mga paraan para maipagkaloob ang kinakailangang atensyon at serbisyong medikal at nararapat na pangangalaga sa mga nagkakasakit nating kababayan.

Nilalaman ng itinutulak na panukala ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) na Comprehensive Agreement on Socio Economic Reform (CASER) sa usapang pangkapayapaan nito sa Government of the Republic of the Philippines (GRP) ang sumusunod na pangkalahatang balangkas ng programa sa kalusugan ng rebolusyonaryong kilusan:

1. Palalawakin at pauunlarin ang pampublikong sistemang pangkalusugan;

2. Ipatutupad ang isang komprehensibong sistemang pangkalusugan at pangangalagang medikal sa bansa;

3. Magkakaloob ng libre at subsidyo sa mga serbisyong medikal at mga gamot;

4. Agarang ipahihinto ang patakaran sa pribatisasyon ng mga pampublikong ospital at serbisyong pangkalusugan at babaligtarin ang mga naunang desisyon sa pribatisasyon; at,

5. Pangunahing bibigyan ng pansin ang prebensyon, mahusay na nutrisyon at pagpaplano sa pamilya.

Ganunpaman, magkakaroon lamang ito ng kaganapan sa panahon ng tagumpay ng demokratikong rebolusyon ng bayan (DRB) at sa kasunod na sosyalistang rebolusyon at konstruksyon.

Habang nasa proseso ng pagsusulong ng demokratikong rebolusyon ng bayan, patuloy na isinasagawa ng rebolusyonaryong kilusan ang sumusunod na mga gawain at tungkuling medikal:

1. Pagbubuo at pagpaparami ng mga grupo at komite sa kalusugan sa hanay ng rebolusyonaryong organisasyong masa bilang mahigpit na katuwang ng mga opisyal medikal at grupong medikal ng NPA sa pagtupad sa mga tungkulin at gawaing medikal sa saklaw ng mga sona at larangang gerilya nito;

2. Pagsasagawa ng malawakang edukasyon sa masa hinggil sa wastong pangangalaga sa kalusugan at kahalagahan ng mga kampanyang pangkalusugan sa pamamagitan ng Pambansang Demokratikong Paaralan (PADEPA)

3. Pagsasagawa ng iba't ibang antas na pagsasanay sa medikal sa ilang piling kasapi ng grupo at komite sa kalusugan para makabuo ng kwerpo ng mga rebolusyonaryong manggagawang pangkalusugan sa baryo. Ang mga isinasasagawang pagsasanay ay kaugnay sa mga pang-unang lunas (*first-aid*), akupangtura, batayang kaalamang pang-medikal, pagkilala sa iba't ibang sintomas ng sakit, pagtukoy sa iba't ibang halamang gamot, paggagawa ng mga herbal na gamot, mga pamamaraan sa pangangalaga sa mga maysakit, *psycho counselling and therapy* at iba pa;

4. Pana-panahong paglulunsad ng mga klinikang bayan sa loob ng ilang magkakalapit na barangay kasama ang ilang mga doktor, nars at iba pang manggagawang pangkalusugan mula sa Makabayang Samahang Pangkalusugan (MASAPA). Isinasagawa ang pagkilala sa uri ng karamdaman (*diagnosis*) at pamamahagi ng libreng gamot sa mga masusuring may karamdaman at maging sa dati nang may iniindang karamdaman;

5. Katuwang ang MASAPA, naglulunsad sa hanay ng mga opisyal medikal ng NPA ng Batayan, Intermedya at Abanteng Pagsasanay Medikal;

6. Pana-panahong nagsasagawa ng mga kampanya sa kalinisan at sanitasyon. Tinuturuan ang masa sa paggawa ng mga balon at iba pang mapagkukunan ng malinis na tubig, paggagawa ng alkantarilya (*sewerage system*) para sa mga gagawing palikuran at kubeta at ganundin sa magiging daluyan ng dumi ng mga alagang hayop; at,

7. Malawakang pagtatanim ng mga halamang gamot, gulay at prutas.

**Ilang tala sa programang pangkalusugan sa China at Cuba**

Sa Cuba, ang resyo ay 1 doctor sa kada 155 pasyente. Ang bansang Cuba ang nangunguna sa buong mundo sa usapin ng mahusay na pangangalaga ng kalusugan ng kanilang mamamayan. Tinitiyak ng pamahalaang Cuba na may sapat na bilang ng mga ospital at klinika ang kanilang bansa para tumugon sa pangangailangang medikal ng mga mamamayang Cubano. Pangunahing pinatatakbo ng gubyerno ng Cuba ang sistema sa pangangalaga ng kalusugan ng mamamayan at hindi sa pribado. Libre ang pag-aral ng medisina sa Cuba.

Dahil mayroon silang sarplas ng mga doktor at iba pang manggagawang pangkalusugan ay nagagawa pa nilang magpadala ng mga brigadang pangkalusugan upang magsagawa ng *health missions* sa 75 na bansa na umaabot sa 40,000 *health professionals* ang imbwelto.

Samantala sa China, sa panahon ng Great Leap Forward, binandera ni Kasamang Mao ang islogan na "Kalusugan para sa Masa" at pinuna ang burgesyang patakaran na nagpapabaya sa kalusugan at pangangailangang medikal ng masa. Ayon kay Mao, "Ang pagpapaunlad ng kalusugan ng mga magsasaka ay integral na bahagi sa pagtataas ng produksyong agrikultural ng bansa." Isang mayor na hakbang na isinagawa ang malawakang kampanya laban sa mga nakahahawang sakit. Libong manggagawa ang sinanay at pinadala sa kanayunan para magsagawa ng mga pagsusuri at panggagamot lalo na sa mga magsasakang tinamaan ng sakit na *schistosomiasis* – sakit na sanhi ng parasito na nasa mga suso at matatagpuan sa mga sapa at ilog.

Dahil sa panawagang "Kalusugan para sa Masa", lahat ng gawaing pangkalusugan ay nagdiin sa kanayunan. Lumitaw ang mga kadreng pangkalusugan na tinaguriang mga "*barefoot doctors*". Mula sila sa libong kabataang magsasaka na pinili at isinailalim sa pagsasanay sa loob ng 3-6 na buwan sa *anatomy*, *bacteriology*, *diagnosing diseases*, *accupuncture*, *prescribing traditional medicines*, at *maternal and infant care*. Dahil naroon mismo sa kanayunan ang mga nasanay na manggagawang pangkalusugan, madali nang naipagkakaloob sa masang magsasaka ang mga batayang pangangalaga sa kanilang kalusugan, pang-unang lunas, pagbabakuna at malawakang edukasyon. Subalit noong 1970, tinanggal ng WHO ang China bilang modelo sa usapin ng *rural health care* at bilang alternatibong modelo sa Kanluraning estilo ng pangangalagang pangkalusugan.

Sa modelo ng mga *barefoot doctors* sa China sa panahon ni Mao hinubog ng Partido Komunista ng Pilipinas ang mga medik ng NPA. Bawat yunit ng NPA ay may medik na pinangungunahan ang pagbubuo ng mga grupo at komite sa kalusugan sa hanay ng mga rebolusyonaryong organisasyong masa. Ang mga yunit ng hukbo mismo katulong ang mga komite sa kalusugan sa mga lokalidad ang nasa unahan ng paghahatid ng serbisyong medikal sa hanay ng masang magsasaka at iba pang api't pinagsasamantalahang uri sa kanayunan.

Bilang pagtatapos, tulad sa nabanggit sa unahan, sa panahon ng tagumpay ng DRB at ang kagyat na kasunod nitong sosyalitang rebolusyon at konstruksyon, lubusang mararanasan ng sambayanang Pilipino ang tunay na kalayaan at demokrasya, kaunlarang panlipunan, maunlad na serbisyong pangkalusugan at mahusay na pangangalaga sa kalusugan ng bawat Pilipino batay sa isang kumprehensibong pangkalusugan sistemang at pangangalagang medikal mula sa rebolusyonaryong gubyernong nasa kapangyarihan. K

# Paano matatamo ng mamamayang anakpawis ang kanilang mga demokratikong karapatan?

*TOMO 42 BLG 5, MAYO 2020*

Sa isang malakolonyal at malapyudal na lipunang tulad ng Pilipinas, niyuyurakan at paulit-ulit na tinatapakan ang mga demokratikong karapatan ng mamamayan dahil ito'y sagka sa interes at naisin ng mga naghaharing-uring panginoong maylupa, malalaking burgesya kumprador at mga amo nilang imperyalista.

Sa ilalim ng kasalukuyang pasistang rehimeng US-Duterte, dinaranas ng mamamayan ang pinakamabibigat na pasakit. Punyal na tumatarak sa kanilang dibdib at sikmura ang mga anti-mamamayang patakaran ni Duterte. Pinakamasahol ang kalagayan ngayon ng mga Pilipino sa gitna ng pandemyang COVID-19 kung saan matapos isapanganib ng rehimen ang kalusugan ng buong bansa ay pinahigpit niya ang paggamit sa kamay-na-bakal laban sa mamamayan. Sa tabing ng pagsasaalang-alang sa kapakanan ng bayan, sistematikong ipinatanggap ng rehimen sa mamamayan na sumang-ayon na lamang kahit pa nasagkaan na ang natitirang demokratikong karapatan nila. Ang masahol pa, sinumang umalma rito ay kakasuhan pa't ikukulong.

Kaya naman malalim ang pagnanais ng mamamayang Pilipino na tamasahin ang kanilang mga demokratikong karapatan at ipaglaban ang kanilang mga demokratikong adhikain at mithiin. Nakaugat ito sa malaon nang pagsasamantala at pang-aaping ipinataw sa kanila ng mga lokal at dayong naghaharing-uri.

Sa kasaysayan, ipinamalas ng manggagawa at magsasakang Pilipino ang kanilang maka-pangyarihang lakas para igiit at tamasahin ang kanilang mga karapatang ipinagkakait sa kanila. Inoorganisa nila ang kanilang sarili sa iba't ibang mga organisasyon, samahan at mga unyon, nakikipagkaisa sila sa iba pang aping uri at sektor at sama-samang lumalaban para rito. Sa buong daigdig, nagawang maipaglaban ng uring manggagawang mapaikli hanggang 8-oras kada araw ang pagtatrabaho mula sa dating 16, 12 at 10 oras. Pinagbayaran ito ng dugo at pawis ng mga manggagawang magiting na nakibaka kahit na humarap sila sa matinding pandarahas ng mga estadong burgis.

Sa Pilipinas, kagyat na pagdating ng mga kolonyalistang Espanyol sa bansa noong ika-16 na siglo, inilunsad ng mga magsasaka sa iba't ibang bahagi ng bansa ang mahigit sa 200 pag-aalsa laban sa *polo* at tributo at iba pang paglabag sa kanilang mga karapatang sibil at laban sa kolonyalismo. Samantala, sing-aga pa ng 1861, nagsimulang magtayo ng asosasyon ang mga manggagawa para sa mutwal na pagtutulungan at benepisyo na humantong sa Cavite Mutiny noong 1872. Magkasanib-pwersa ang mga manggagawa at magsasakang Pilipino na nagsilbing bag-as ng kilusan para sa pambansang pagpapalaya ng Rebolusyong 1896. Hanggang sa digmaang Pilipino-Amerikano noong 1899 hanggang 1902 ay naglulunsad ng welga ang mga manggagawa sa imprenta para iprotesta ang panggigipit ng mga *foreman* at para sa mas mahusay na kondisyon sa pagtatrabaho at laban sa agresyon at kolonyalismo ng US. Sa panahong ito itinatag ang Union Impresores de Filipinas, ang kauna-unahang unyon ng mga manggagawa sa bansa, na sinundan ng pagtatayo ng kauna-unahang pederasyon, ang Union Obrera Democratica na naging panimulang bag-as sa pamumuno sa kilusang paggawa sa buong bansa.

Ang pakikibaka ng mga nakaraang henerasyon ng mga Pilipino ang gumapi sa kolonyalismong Espanyol at US at nagwakas sa okupasyon ng mga pasistang Hapon. Inspirasyon din ito sa nagpapatuloy na laban sa imperyalismong US at mga alipures nito hanggang kasalukuyan.

Tuluy-tuloy na nagbubuo ang mga manggagawa ng unyon para isulong ang kanilang mga pang-ekonomyang interes tulad ng pagbibigay ng makatarungan at nakabubuhay na sahod, mga benepisyo, kaseguruhan sa trabaho at maayos na kalagayan sa loob ng pabrika. Ganundin, ipinaglalaban at pinangangalagaan nila ang mga nakamit na tagumpay sa gitna ng tusong pagmamaniobra ng imperyalismo sa pamamagitan ng neoliberalismo. Hindi sila nagpapalimita sa mga tipo ng pakikibakang ipinahihintulot ng batas at naglulunsad ng iba't ibang anyo ng paglaban. Sa paglaki ng bilang ng mga manggagawang kontraktwal sa ilalim ng neoliberal na patakaran, napangibabawan ng uring manggagawa ang mga restriksyon sa pagsapi nila sa unyon sa pamamagitan ng iba pang anyo ng mga organisasyong nagtataguyod ng kanilang mga karapatan at sa balangkas ng pagwawakas sa kontraktwalisasyon.

Sa kanilang mahabang pakikibaka, namalas ng Pilipinong anakpawis na hindi nila basta tatamasahin ang kanilang mga karapatan, o magiging panandalian lamang ang kanilang mga tagumpay kung hindi ito nakasanib sa pakikibaka ng buong bayan para sa pambansang pagpapalaya. Naging mulat ang mga manggagawa na dapat mahigpit na nakakawing ang pakikibaka ng kanilang uri sa antipyudal na pakikibaka sa kanayunan at itinataas sa anti-imperyalistang pakikibaka. Sa kabilang panig, natutunan na rin ng masang magsasaka ang pag-aangat ng kanilang pakikibaka sa anti-imperyalistang linyang kaisa ang uring manggagawa at iba pang inaaping uri.

Kung gayon, lumalahok sila sa rebolusyonaryong pakikibaka ng bayan para kamtin ang pambansang kalayaan at demokrasya. Nagsasanib-pwersa ang uring manggagawa at magsasaka para buuin ang saligang alyansa ng rebolusyonaryong Pilipino. Itinayo nila ang Partido Komunista ng Pilipinas na ginagabayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo, ang unibersal na teoryang gabay ng uring manggagawa sa buong daigdig para ibagsak ang kasalukuyang mapang-aping sistema at itatag ang kanilang estado. Sa pamumuno ng Partido, itinayo nila ang Bagong Hukbong Bayan na mayorya'y nagmula sa uring magsasaka, bilang pangunahing instrumento para tupdin ang istorikong misyong ito, sa Pilipinas at sa hinaharap ay sa buong daigdig.

Tanging ang rebolusyon ng uring anakpawis kasama ang iba pang inaaping uri sa pamumuno ng Partido Komunista ng Pilipinas ang magbibigay ng katiyakan na kanilang tatamasahin ang kanilang mga demokratikong karapatan at interes. Sa pagtatagumpay ng demokratikong rebolusyong bayan maitatatag ang demokratikong gobyernong bayan na gagarantiya at magtitiyak na tatamasahin ng lahat ng uri at sektor ng lipunan ang kanilang mga karapatang sibil, pang-ekonomya, pampulitika, at pangkultura. Sa pagtatagumpay ng rebolusyon, ganap na lalaya ang mamamayan sa imperyalistang pananakop, lalaya sila mula sa makauring pagsasamantala, itataguyod ang indibidwal na kalayaan at pampublikong partisipasyon ng lahat sa anumang usapin, laluna iyong may kaugnayan sa kanilang panlipunang kagalingan.

Matapos ang pagtatagumpay ng demokratikong rebolusyong bayan, pangungunahan ng uring anakpawis, laluna ng uring manggagawa, sa pamamagitan ng itatatag na estado ng bayan ang sosyalistang rebolusyong magtitiyak na iiral ang tunay na demokrasya, ang demokrasya ng mayorya ng mamamayang Pilipino na nakatuntong sa pambansang kalayaan at pagsasarili. Tuluy-tuloy na isusulong at itataguyod ng uring anakpawis sa pamamagitan ng PKP at estado ng bayan ang demokratikong karapatan at interes ng mamamayang Pilipino. Malinaw itong nakasaad sa 10-puntong programa ng PKP sa kanyang pambansa-demokratikong rebolusyon at 12-puntong programa ng NDFP.

Habang hindi pa nakakamit ang ganap na kalayaan ng Pilipinas, hakbang-hakbang na itinatayo sa iba't ibang antas at saklaw ang mga organo ng demokratikong kapangyarihang pampulitika ng mamamayan para tiyaking tinatamasa ng mamamayan—anumang uri, kasarian, lahi, paniniwala at relihiyon—ang kanyang mga demokratikong karapatan. K

# Ano ang ambag ng rebolusyong Pilipino sa pandaigdigang pakikibaka laban sa imperyalismo?

*TOMO 40 BLG 6, HUNYO 2020*

Ang pakikibaka laban sa imperyalismo ay isang pakikibaka para sa sariling pagpapasya ng mga bayang api't pinagsasamantalahan ng pandaigdig na sistemang kapitalismo. Bawat matagumpay na rebolusyon para sa pambansang pagpapalaya at sosyalismo ay lumalagot sa tanikala at kapangyarihan ng imperyalismo sa buong daigdig.

Ang demokratikong rebolusyon ng bayan (DRB) na isinusulong sa Pilipinas ay anti-imperyalista, anti-pyudal at anti-burukratakapitalista. Naglalayon itong ibagsak ang malakolonya at malapyudal na lipunang Pilipino na siyang dahilan kung bakit lugmok sa kahirapan at pang-aapi ang malawak na sambayanang Pilipino. Isang pakikibaka para sa pambansang kalayaan mula sa dominasyon ng imperyalismo at nagpapalaya sa uring manggagawa, magsasaka at iba pang demokratikong uri't sektor mula sa katutubong pyudalismo at burukrata-kapitalismo.

Hangad ng rebolusyong Pilipino na tapusin ang paghahari ng imperyalismong US sa bansa at bahagi ito ng pakikibaka ng mga manggagawa at inaaping mamamayan ng daigdig laban sa imperyalismo. Hindi natin mararating ang sosyalistang bukas hanggang nakakubabaw ang imperyalismo sa lipunang Pilipino.

Ang tagumpay ng DRB Pilipinas ay tagumpay ng pandaigidigang kilusang proletaryo laban sa imperyalismo at iba pang uri ng reaksyon. Sa tagumpay ng DRB kasabay na pinuputol ang isang mahinang kawing ng kadena ng Imperyalismo sa daigdig.

Habang binabagtas ng rebolusyong Pilipino ang daan tungo sa tagumpay, puspusang lalabanan at tutulan ng mga rebolusyonaryong pwersa ang mga imperyalistang pakana na nagpapahirap sa mamamayan. Sa Pilipinas, ang rebolusyonaryong kilusan ang pinakakonsistente at pinakamatatag na boses na nagtatanggol sa pambansang soberanya laban sa pagyurak ng imperyalismong US at China. Malinaw ito sa pahayag ng rebolusyonaryong kilusan na hindi nagpaloko sa kunwang pagbabasura ni Duterte sa Visiting Forces Agreement nitong taon. Matalas ding pumosisyon ang rebolusyonaryong kilusan laban sa pagsuko ng rehimeng Duterte sa China na pakinabangan ang likas na yaman ng bansa sa *exclusive economic zone* ng Pilipinas sa West Philippine Sea bilang kapalit ng bilyun-bilyong pautang para pondohan ang bulok na programang Build, Build, Build.

Aktibo rin ang rebolusyonaryong kilusan sa paglalantad at pagkundena sa pandarambong ng mga imperyalistang kapangyarihan at ng mga higanteng monopolyo-kapitalista sa pambansang ekonomya at pwersang paggawa ng Pilipinas at iba pang malakolonyang bayan. Malaon nang nanindigan ang kilusan kontra sa mga instrumento ng imperyalismo tulad ng International Monetary Fund, World Bank at mga rehiyonal na asosasyon tulad ng APEC at ASEAN na walang ibang layunin kundi ipataw ang interes ng imperyalismo sa mahihirap na bayan at lubusin ang pagsasamantala sa mga manggagawa. Wala ring takot na kinukundena at isinasakdal ng mga rebolusyonaryong PilipinosapamamagitanngPartido Komunista ng Pilipinas (PKP) at National Democratic Front of the Philippines (NDFP) ang US at iba pang imperyalistang bayan na naglulunsad ng madudugong gera na kumikitil at sumisira sa buhay ng milyun-milyong mamamayan. Tampok rito ang mga gera sa Middle East, Central Asia at North Africa na pawang mayaman sa rekursong langis gayundin ang mga ginagawang panggigipit at pananalakay sa mga

anti-imperyalistang bansa tulad ng North Korea, Iran, Venezuela at Cuba at sa mga kilusan para sa sariling pagpapasya tulad ng sa Palestine at Kurds. Nakiisa rin ang mga rebolusyonaryong pwersa sa pagkundena sa pang-uupat ng gera ng US sa ginawa nitong pagpatay sa kumander ng Iranian Quds Force na si Qassem Soleimani nitong Enero 2020.

Masigla at marubdob ang pakikibakang anti-imperyalista sa Pilipinas sa pangunguna ng rebolusyonaryong kilusan. Mainit nitong sinusuportahan ang mga pagkilos sa iba't ibang bayan, kabilang na ang pumutok na malalaking protesta sa US, Chile, Guam, France, at Hongkong. Ang mga protestang ito'y tumutuligsa sa neoliberalismo, rasismo, *xenophobia*, pasismo, gerang agresyon at neokolonyalismo.

Ngayong panahon ng pandemyang COVID-19, nakikiisa ang rebolusyonaryong kilusan sa Pilipinas sa pandaigdigang panawagan na sama-samang harapin ang pandemya. Mariin nitong itinatakwil ang mga imperyalistang bayan sa kanilang pananagutan sa paglaganap ng COVID-19 sa mundo at pagkundena sa kanilang mga maniobra upang samantalahin ang paghihirap ng mamamayan para pagkakitaan ng limpak-limpak na tubo ang mga gamot at iba pang kagamitang medikal na ibinabagsak sa mahihirap na bansa.

Kasabay nito'y masigasig ang PKP at rebolusyonaryong kilusan sa pakikipag-ugnayan sa iba pang aping mamamayan at bayan na lumalaban sa imperyalismo at nakikibaka para sa pambansang pagpapalaya at sariling pagpapasya. Tangan ang prinsipyo ng kasarinlan, pagkakapantay-pantay at hindi pangingialam sa mga internal na usaping pambansa, nagawa nating makipagkaibigan at makipagkaisa sa mamamayan ng mga bayan sa Europa, Hilagang Amerika, Latin America, Asya-Pasipiko at Africa na lumalaban sa imperyalismo. Sa ilang mauunlad na ugnayan, nakikipagpalitan ang Partido at NDFP ng mga aral at karanasan sa paglulunsad ng digmang bayan upang itulak ang pagtatayo ng kanilang sariling hukbong mapagpalaya.

Ang NDFP sa pamamagitan ng International Dapartment nito ay puspusan ang ginagawang pakikipag-ugnayan at pakikipagtulungan sa iba't ibang grupo, partido, institusyon at mga anti-imperyalistang organisasyon at kilusan para ibayong palakasin at patatagin ang ugnayan at tulungan sa balangkas ng pormal at di pormal na nagkakaisang prente laban sa imperyalismo. Pinangungunahan ng NDFP ang mga pagtitipon para magpalitan ng karanasan sa pakikibaka laban sa kani-kanilang naghahari at nagsasamantalang uri sa mga bansang kolonya at malakolonya na mayroong nakatayong kilusang mapagpalaya. Aktibo ang NDFP sa paglulunsad ng mga kampanya, pakikibaka at paglahok sa *bilateral* at *multilateral* na mga kumperensya.

Upang matupad ang mga gawaing ito, patuloy ang rebolusyonaryong kilusan sa pag-oorganisa at pagpapakilos sa kababayang Pilipino sa ibayong dagat laluna ang mga nasa imperyalistang bayan. Kabilang sila sa migranteng mamamayan na itinulak ng malubhang krisis pang-ekonomya at mga digmaang agresyon na mangibang-bayan. Mahalaga ang kanilang papel sa pag-uugnay ng mga pakikibaka ng iba't ibang mamamayan at pagpapaunlad ng suporta at simpatya mula sa labas ng bansa para sa rebolusyong Pilipino.

Samantala, mahalagang banggitin ang pagsisikap ng mga makabayan at progresibong organisasyon sa Pilipinas na lumahok sa pandaigdigang kilusang anti-imperyalista para isanib ang sariling lakas nito sa iba pang grupo at organisasyon sa daigidig na nakikibaka sa imperyalismo at iba pang uri ng reaksyon laban sa mga manggagawa at inaaping mamamayan sa daigdig. Mula sa pahayag ni Kasamang Jose Maria Sison, Chief Political Consultant ng NDFP at kasalukuyang *chairman emeritus* ng International League of People's Struggle (ILPS) na patuloy na lumalakas at lumalawak ang ILPS bilang kalipunan ng iba't ibang anti-imperyalistang organisasyon sa daigdig.

Mahalaga ang ginagampanang papel ng mga progresibong organisasyon sa bansa sa pagbubuo, pagpapalawak at pagpapalakas ng anti- imperyalistang nagkakaisang prente sa daigdig. Ang mga

pakikibakang anti-imperyalista, anti-pasista at anti-pyudal ng mga progresibong organisasyon sa bansa ang nagsisilbing inspirasyon ng iba pang kilusang anti-imperyalistang organisasyon sa iba't ibang sulok ng daigdig.

Nasa panahon ang rebolusyong Pilipino na muling nagpapanibagong- sigla ang pandaigdig na rebolusyong proletaryo laban sa imperyalismo at para sa sosyalismo. Magkaugnay ang ating mga pagsisikap at kapwa nagsisilbi sa pagkakamit ng mga naiipong maliliit tungo sa ganap na tagumpay. Bawat hakbang pasulong ng rebolusyong Pilipino ay bigwas sa imperyalismo bilang numero unong komun na kaaway ng sangkatauhan. Ang mga sama-samang pagkilos ng mga manggagawa't mamamayan sa mga kapitalista at mahihirap na bansa laban sa imperyalismo ay magpapalakas sa mga kilusan para sa pambansang pagpapalaya at sariling pagpapasya sa mga mahihirap na bansa at para sa sosyalismo. Lahat ng ito'y mag-aambag sa pagbibigkis ng lakas ng inaaping mamamayan ng daigdig at siyang magiging higanteng pwersang lalagot sa kadena ng pagkaalipin ng sangkatauhan mula sa imperyalismo. K

## Paano magbibigay ang Demokratikong Gubyernong Bayan (DGB) ng awtonomiya sa mga pambansang minorya bilang bahagi ng paggalang sa kanilang kultura?

*TOMO 40 BLG 8, AGOSTO 2020*

Sa saligan, itinataguyod, ipinagtatanggol at isinusulong ng rebolusyonaryong kilusan ang mga karapatan ng mga pambansang minorya at iba pang nasyunalidad para sa pagpapasya-sa-sarili, laban sa diskriminasyon, rasismo at pambansang pang-aapi ng imperyalismo at lokal na reaksyon. Sa partikular, sinusuportahan, ipinagtatanggol at isinusulong ng rebolusyonaryong kilusan at Demokratikong Gubyernong Bayan (DGB) ang pakikibaka ng mga pambansang minorya laban sa walang habas na pangangamkam sa mga lupaing ansestral, malawakang pandarambong at pagsira ng mga dayuhan at lokal na korporasyon sa pagmimina sa kanilang lupang ninuno na pinagmumulan ng kanilang ikinabubuhay, sa paglaban sa tumitinding paglabag sa karapatang tao at sa pag-atake sa batayang karapatan sa kabuhayan at kapakanan ng mga katutubo at pambansang minorya.

Ayon sa datos ng reakyunaryong ahensya na National Commission on Indigenous Peoples (NCIP), tinatayang nasa mahigit 11 milyong mamamayang Pilipino ang tinaguriang pambansang minorya sa bansa. Karamihan sa kanila ay nasa isla ng Mindanao tulad ng mga Lumad at Bangsamoro na bumibilang sa mahigit sa limang milyon. Malaking bahagi din ng mga pambansang minorya sa bansa ay nananahanan sa kabundukan ng Cordillera, Caraballo at Sierra Madre.

Sa rehiyon ng Timog Katagalugan, kabilang sa pambansang minorya ang mga Mangyan sa isla ng Mindoro (na may anim na *ethnolinguistic groups*), Dumagat at Remontado sa Rizal at North Quezon, ilang komunidad ng mga Agta sa Timog Quezon at mga Batac, Tagbanua, Palaw'an, Kenuys at mga grupong Muslim sa probinsya ng Palawan.

Batay sa sensus noong 2015, nasa 96,262 ang mga grupong Muslim sa Palawan. Kinakatawan nito ang 8.71% ng kabuuang 1,104,585 na populasyon ng probinsya.

Mula noon hanggang sa kasalukuyan nagpapatuloy ang malawak at malalim na ugnayan ng rebolusyonaryong kilusan sa mga nabanggit na pambansang minorya sa rehiyon. Bilang mga magsasaka rin, sila ang pangunahing nagtataguyod, sumusuporta at mahigpit na katuwang ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) at mga nakatayong organo ng pulang kapangyarihang pampulitika para sa pagpapatupad ng kaayusan, pagtugon sa mga pangangailangan at kagalingan at sa pagpapaunlad ng kabuhayan ng kanilang mga pamayanan batay sa pagkilala at paggalang sa mga umiiral nilang kultura at tradisyon.

Sa karanasan, ang pambansang minorya ay isa sa mga di-natutuyuang bukal ng suporta ng BHB sa rehiyon. Boluntaryo silang umaanib sa NPA dahil naniniwala sila na tanging sa pamamagitan ng paglahok sa demokratikong rebolusyon ng bayan (DRB) mawawakasan ang daan-taong makauri at pambansang pang-aapi at pang-aabuso sa kanila ng imperyalismo at lokal na reaksyon.

Kabilang sa mga rebolusyonaryong organisasyon ng mga pambansang minorya sa TK na kaalyado ng NDFP-ST ang sumusunod: Kadumagetan (Dumagat at Remontado sa Rizal; Mindoro (Mangyan sa Mindoro); at Supok (Palaw'an at Cuyunin sa Palawan).

**Ang mga pambansang minorya sa Pilipinas ay malaon nang inaabuso at lubhang pinababayaan.**

*"Ang mga pambansang minorya ay malaon nang itinuturing ng imperyalismong Amerikano, lokal na pamahalaang reaksyonaryo at mga simbahang Kristyano na tampulan lamang ng mga 'kawanggawang' burges at indoktrinasyong Kristyano. Ang apat na milyong mamamayang nabibilang sa mga pambansang minorya, laluna ang sa Mindanaw at mga lalawigang bulubundukin, ay maaaring maging makapangyarihang kalahok sa rebolusyonaryong pagbabagsak sa imperyalismong Amerikano at pyudalismo. Ipinangangalandakan ng pamahalaang reaksyonaryo, mga eskolar na reaksyonaryo at mga sobinistang Kristyano ang pambansang integrasyon gayong ang totoo ay panig sila sa mga uring mapagsamantala na siyang pangunahing pinagmumulan ng pang-aabuso at pang-aapi. Ang pangunahing suliranin ng mga pambansang minorya ay lupa, pang- aabuso ng panginoong maylupa, magtotroso at mangangamkam ng lupa; at pagsasamantala sa minahan at plantasyon."*[1]

Sa loob ng higit 300 taon ng kolonyal na paghaharing Español, naglunsad ng magiting at sustenidong pagtatanggol laban sa kolonyalismo at imperyalismo ang mamamayan sa timog at sentral Mindanao na nakilala na bilang Bangsamoro at ang mga mamamayan ng kabundukang Cordillera at ibang mga pambansang minorya na nananahan sa bulubundukin at maburol na lugar.

Kinailangan ang labis na superyor na pwersa ng armas kakumbina ng panunuhol at kooptasyon ng kanilang mga lider at ang pagpapahina sa kanilang sistema ng kabuhayan at tradisyunal na mga institusyon bago sila nagapi at nahatak sa saklaw ng kolonyal na paghahari. Subalit nagawa nilang mapanatili ang kanilang pagtatanggol sa iba't ibang paraan, paulit-ulit na naghihimagsik at pinanatili ang naiibang kultura.

Sa ilalim ng papet na republikang neokolonyal, higit pang inilagay sa mababang katayuan ng lokal na naghaharing uri at kanilang among US ang mga kababayan natin at itinrato sila bilang mga hamak na mamamayan. Sila'y naging biktima ng institusyonalisadong diskriminasyon at pang-aapi, malawakang pangangamkam at malawakang armadong teror at abuso. Pinarami ng pasistang diktadurang Marcos ang mga krimeng ito nang daan-daang ulit sa pamamagitan ng mga hakbang ng panlilipol ng lahi laban sa mamamayang Moro at malawakang pang-aagaw sa mamamayang Cordillera at ibang mga pambansang minorya ng kanilang lupang ansestral.

Nagtanggol ang mamamayang Moro, naglunsad ng sunud-sunod na pag-aalsa — isang armadong pagtatanggol na mabilis na umunlad bilangganapnapakikibakaparasa pagpapasya-sa-sarili. Gayundin, ang mga mamamayang Cordillera ay bumangon sa armadong pagtatanggol na isinanib nila sa rebolusyonaryong pakikibaka ng buong sambayanang Pilipino. Lumahok rin sa pambansa-demokratikong pakikibaka ang iba pang mga pambansang minorya.[2]

**Itinataguyod sa ika-10 punto ng 12 Puntong Programa ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) na "Pagtibayin ang mga karapatan ng mamamayang Bangsamoro, mga mamamayang Cordillera at ibang mga pambansang minorya sa pagpapasya-sa-sarili at demokrasya."**

Ano ang kahulugan nito?

Kinikilala at nirerespeto ng NDFP ang karapatan ng Bangsamoro, ng mga mamamayang Cordillera at ibangmgapambansangminoryasa pagpapasya-sa-sarili. Mayroon silang karapatang magpasya sa kanilang kinabukasan, palayain ang sarili mula sa pagsasamantalang pambansa at makauri, sobinismo at diskriminasyon, magkamit ng demokrasya, pagharian ang sarili at kamtin

1 Halaw mula sa Programa sa Demokratikong Rebolusyon ng Bayan

2 Halaw mula sa 12 Puntong Programa ng NDFP

ang kaunlarang panlipunan sa lahatang panig na paraan at alinsunod sa kanilang partikular na mga kondisyon.

Ang prinsipyadong paninindigang ito ay alinsunod sa aspirasyon ng Pambansang Demokratikong Prente na itatag ang isang Pilipinas na may pagkakaisa, pagkakapantay-pantay at solidaridad ng lahat ng mamamayan at nasyunalidad at buuin ang isang bansa na nakabatay sa tunay na kasarinlan mula sa imperyalismo, sa demokrasya para sa mamamayan, at sa tunay na awtonomya para sa Bangsamoro, mga mamamayang Cordillera at ibang mga pambansang minorya.

Nakapaloob sa karapatan sa pagpapasya-sa-sarili ang karapatang tumiwalag, laluna sa ilalim ng kalagayan ng pambansang pang-aapi. Itinaas ng Bangsamoro ang bandila ng sesesyon sa pakikibaka nito laban sa diktadurang US-Marcos. Sa ilalim ng demokratikong Pilipinas kung saan ang pagkakapantay-pantay ng mga mamamayan at mga nasyunalidad ay ginagarantiyahan, hihikayatin ang Bangsamoro na tahakin ang makatwiran at mahusay na opsyon ng tunay na awtonomong paghaharing pampulitika.

Pagtitibayin ang karapatan sa pagpapasya-sa-sarili ng Bangsamoro, mga mamamayang Cordillera at ibang mga pambansang minorya sa pagtatatag ng demokratikong gubyernong bayan. Gagarantiyahan ang tunay na paghaharing awtonomo at ang kanilang makatwirang representasyon at partisipasyon sa gubyernong sentral. Ipatutupad ang kanilang mga karapatan sa mga kalupaang ansestral nang may karampatang pagkilala sa istorikong mga realidad at lulutasin ang kanilang matagal nang karaingan. Bibigyansilanggarantiyasapantay na mga karapatang pampulitika, pang-ekonomya at panlipunan, at rerespetuhin ang kanilang kaparaanan ng pamumuhay.

Nangangahulugan ang tunay na awtonomya ng totoo at lubos na mga garantiya para sa paggugubyerno-sa-sarili sa loob ng balangkas ng Demokratikong Republikang Bayan ng Pilipinas, isang istruktura ng gubyerno na nagtitiyak sa ganap na partisipasyon at mapagpasyang tinig ng mamamayan ng awtonomong mga lugar sa lahat ng mga bagay na umaapekto sa kanilang buhay, sa pagkilala sa kanilang karapatan sa lupang ansestral, sa prayoridad sa empleyo at mga oportunidad pang-ekonomya, sa mga bunga ng kaunlarang pang-ekonomya sa kanilang mga lugar na pangunahing papatungkol sa kanila upang mapabilis ang kanilang kaunlarang panlipunan, at sa respeto para sa kanilang tradisyon at kultura. Sa labas ng awtonomong mga lugar, may karapatan sila sa makabuluhang representasyon sa pambansang kongresong bayan at sa proporsyunal na representasyon sa mga organo ng kapangyarihan sa kani-kanilang lugar at sa iba't ibang antas.

Rerespetuhin ang panlipunan, ligal, relihiyoso at pangkulturang tradisyon ng Bangsamoro, ng mga mamamayang Cordillera at ibang mga pambansang minorya habang itatakwil ang mga aspetong mapang-api. Kasabay nito, hihikayatin silang makisalamuha sa iba't ibang mga kultura sa Pilipinas.

Sa pagpapatatag ng mga tunguhing rebolusyonaryo at progresibo sa hanay ng mga pambansang minorya, matutulungan ng sentral na gubyernong bayan ang mga awtonomong lugar at mamamayan doon na magpaunlad ayon sa kanilang mga desisyon at partikular na kalagayan. Bibigyan sila ng lahat ng kinakailangang suporta upang makasulong at umunlad kasabay ng lahat ng ibang bahagi ng bansa.

# Paano itinataguyod ng rebolusyonaryong kilusan ang tunay na nagsasariling patakarang panlabas?

*TOMO 41 BLG 8, AGOSTO 2021*

Ang patakarang panlabas at pakikipagrelasyon ng Pilipinas sa ibang bayan ay isang napakahalagang usapin na dapat na pagtuunan ng malaking pansin ng mamamayang Pilipino. Kung hindi mahusay ang pagtataguyod dito, mauuwi lamang ito sa hegemonya ng isang estado sa isa pang estado; at ng mga di tunay na malayang bayan.

Isang ilusyon lamang ang diumanong ipinagmamalaking nagsasariling patakarang panlabas ni Duterte na walang iba kundi pagpapatuloy lamang ng mga kolonyal at neokolonyal na patakarang panlabas ng mga nagdaang rehimen. Walang kahihiyang isinusubasta at isinusuko nito ang pambansang patrimonya, soberanya at teritoryal na integridad ng Pilipinas kapalit ng pautang at ayudang militar sa mga nagriribalang bansang US at China.

Hangga't nananatiling malakolonyal at malapyudal ang lipunang Pilipino imposibleng magkaroon ng nagsasariling patakarang panlabas ang nakaluklok na papet na rehimen. Sa ilalim ng malakolonyal na kaayusan, patuloy lamang na iiral ang pagiging kliyenteng estado ng Pilipinas at mga di pantay na tratado at kasunduan sa ilalim ng dominasyon ng mga imperyalistang kapangyarihan pangunahin ng US.

Ang nagpapatuloy na pagyukod ng rehimeng Duterte sa imperyalismong US at pagiging kliyenteng estado nito ng US at China ay malinaw na nagpapakitang hindi kailanman nagkaroon ng nagsasariling patakarang panlabas ang Pilipinas bilang isang neokolonya. Sa larangan ng pulitika, patuloy ang paninikluhod ni Duterte sa US at ang panghihimasok mismo ng huli sa iba't ibang usapin sa bansa gamit ang papet na gubyerno at mga maka-US at ultra-kanang mga elemento sa burukrasya at militar na sinanay mismo ng nasabing imperyalistang kapangyarihan.

Samantala, sa larangang militar, nananatili ang mga di pantay na kasunduang militar na Mutual Defense Treaty, Enhanced Defense Cooperation Agreement at ang Visiting Forces Agreement na muling pinagtibay ng rehimen kamakailan lamang. At sa larangang pang-ekonomiya, pinaigtingangpagpapatupadngmga patakarang neoliberal sa bansa na lalong nagpapahirap sa mamamayan laluna sa mga manggagawa at magsasaka.

Ilusyon ang nagsasariling patakarang panlabas ni Duterte. Pawang buladas lamang ang kanyang ipinagmamayabang mula noong maupo sa pwesto na itataguyod niya ang isang nagsasariling patakarang panlabas. Hindi ito totoo at kailanma'yhindiitonangyarisa nakalipas na mahigit limang taon ng kanyang panunungkulan. Disin sana'y walang mga nakatayong base militar ng US sa bansa, walang mga di pantay na tratadong militar sa pagitan ng Pilipinas at US at hindi pahihintulutan ang anumang aktibidad ng China sa teritoryo at *exclusive economic zone* ng Pilipinas sa West Philippine Sea. Maging ang pusisyon ng Pilipinas sa mga *multilateral* na organisasyon tulad ng United Nations, Association of Southeast Asian Nations, Asia Pacific Economic Cooperation at General Agreement on Tariffs and Trade-World Trade Organization ay malinaw na nagtataguyod sa geo-pulitikal na interes ng US sa Asya-Pasipiko at sa daigdig.

Taliwas naman sa maka-imperyalistang patakarang panlabas ni Duterte, simula't sapul tanging ang rebolusyonaryong kilusang pinamumunuan ng Partido Komunista ng Pilipinas lamang ang

nagtataguyod ng isang tunay na malaya at independyenteng ugnayang panlabas. Nasa bag-as ng patakarang ito ang pagtataguyod ng pambansang soberanya at kalayaan ng Pilipinas na may limang prinsipyo: mutwal na paggalang sa teritoryal na integridad at soberanya; mutwal na hindi pagsasalakayan; hindi pakikialam sa mga panloob na usapin; pagkakapantay-pantay at mutwal na pagtutulungan; at mapayapang pakikipamuhay.

Itinataguyod ng rebolusyonaryong kilusan ang prinsipyo ng proletaryong internasyunalismo na pangunahing prinsipyong gumagabay sa Partido, hukbong bayan at NDFP sa pakikipag-ugnayan sa ibang bayan, mga praternal naproletaryongpartidoatibang mapagkaibigang mga partido at iba pang nakikibakang mamamayan ng daigdig. Nakabalangkas ito sa layunin ng pangangalap ng pinakamalawak na pandaigdigang suporta para sa pakikibaka ng mamamayang Pilipino at pagtatagumpay ng demokratikong rebolusyong bayan laban sa dominasyon ng mga dayuhan at lokal na naghaharing-uri na kinakatawan ngayon ng pasistang rehimeng Duterte.

Para sa mga Pilipino sa ibang bayan, inoorganisa at pinakikilos sila ng rebolusyonaryong kilusan upang itaguyod, depensahan at isulong ang kanilang mga karapatan at interes sa anumang bayan na kanilang kinalalagyan. Kabilang din sila sa milyun-milyong mamamayang Pilipino na patuloy na pinagsasamantalahan at inaapi na kailangang hikayating lumahok sa demokratikong rebolusyon hanggang sa kasunod na yugto na sosyalistang rebolusyon.

Sa kasalukuyan, isinusulong din ng NDFP ang '*status of belligerency*' ng mga nakikibakang mamamayan upang hawanin ang daan para sa pakikipag-ugnayan ng itinatatag na demokratikong gubyernong bayan sa iba pang bayan anuman ang kanilang sistemang panlipunan sa ngalan ng kooperasyon at pagtutulungan. Sa ngalan din ng proletaryong internasyunalismo, nakikipag- ugnayan ang rebolusyonaryong kilusan sa ibang bayan na anti-imperyalista at mga sosyalista at iba pang pinagsasamantalahang mamamayan ng daigdig.

Layunin nitong suportahan ang pakikibaka ng ibang rebolusyonaryong partido at ibang inaapi at nakikibakang mamamayan.

Patuloy na itinataguyod at isinusulong ng Partido at buong rebolusyonaryong kilusan ang pakikipagkaisa at pakikipagtulungan sa ibang nakikibakang mamamayan ng daigdig sa parehong layunin ng pambansang pagpapalaya at kasarinlan, tunay na demokrasya at sosyalismo laban sa imperyalismo at lahat ng reaksyunaryo. K

## Ano ang Permit to Campaign (PTC) at Campaign Access Fee (CAF)? Paano ipinatutupad ng rebolusyonaryong kilusan ang mga ito?

*TOMO 42 BLG 3, MARSO 2022*

May dalawang pampulitikang kapangyarihan ang umiiral sa bansa—ang reaksyunaryong kapangyarihan ng estado ng malalaking burgesya komprador at panginoong maylupa at ang rebolusyonaryo't Pulang kapangyarihan ng mga uring inaapi't pinagsasamantalahan, sa pamamagitan ng kanilang Demokratikong Gubyernong Bayan (DGB) na umiiral sa mga sona't larangang gerilya sa bansa.

Habang nakikibaka ang rebolusyonaryong kilusan at sambayanang Pilipino para ibagsak ang estado ng mga naghahari at nagsasamantalang uri sa buong kapuluan, kasabay ding pinatutupad ang mga responsibilidad at tungkulin sa pagpapatakbo ng sarili nitong gubyerno. Tungkulin at karapatan ng DGB na magpatupad ng kanyang sariling mga batas, alituntunin at patakaran alinsunod sa kapangyarihan at otoridad nito bilang hiwalay na gubyernong umiiral sa maraming bahagi ng teritoryo ng Pilipinas. Ang pag-iisyu ng gubyernong bayan ng mga permiso upang makapagpatakbo ng negosyo ang mga dambuhalang korporasyon at malalaking kumpanya at maglunsad ng iba pang mga aktibidad ang mga lokal na pulitiko sa saklaw ng mga sona't larangang gerilya hanggang sa pagpapataw ng rebolusyonaryong buwis sa mga ito ay karapatan at tungkulin (*function*) ng DGB bilang hiwalay na gubyerno. Kung kaya't bahagi ng *function* ng paggugubyerno ng DGB ang pag-iisyu ng *permit to campaign* (PTC) at pagpapataw ng *campaign access fee* (CAF) sa panahon ng mga burges na halalan. Inoobliga ng patakarang ito ang lahat ng mga kandidato na kumuha ng permiso sa DGB, sa pamamagitan ng mga iba't ibang kumand ng BHB kung nais nitong makapasok at malayang makapangampanya sa saklaw na mga teritoryo ng gubyernong bayan. Ang CAF naman ay makatarungang halagang hinihingi ng DGB bilang isang anyo ng pagbubuwis at bahagi ng mga kundisyon sa pag-iisyu ng PTC.

Dapat igalang at mahigpit na tupdin ng sinuman ang mga batas, tuntunin at patakaran na pinaiiral ng DGB kabilang ang PTC at CAF. Nakabatay ang mga ito sa ipinatutupad na pampulitika at Pulang kapangyarihan sa loob ng mga sona't larangang gerilya labas sa pinaiiral na batas at patakaran ng pasista at reaksyunaryong estado. Ang rebolusyonaryong sistema ng batas at hustisya ay malayung-malayo sa umiiral na bulok at reaksyunaryong sistema ng batas at hustisya sa bansa na pangunahing nakakiling sa mga mayayaman at nasa kapangyarihan sa kapariwaraan naman ng mga uring inaapi't pinagsasamantalahan.

Makatwiran at makatarungan ang ipinatutupad na PTC at CAF ng rebolusyonaryong kilusan sa tuwing nagaganap ang burges na halalan sa bansa. Isa rin itong anyo ng pag-eehersisyo ng Pulang kapangyarihan ng DGB na obligadong kilalanin at igalang ng mga kandidato sa reaksyunaryong eleksyon. Ang PTC ay taktikal na kasunduan sa pagitan ng mga kandidato at rebolusyonaryong kilusan na nagbibigay sa una ng karapatan at kalayaang makapangampanya sa loob ng mga sona't larangang gerilya ng PKP-BHB-NDFP batay sa mga itinakdang kondisyon. Ipinagkakaloob ang PTC matapos magkasundo ang dalawang panig sa halagang babayaran ng mga kandidato na CAF. Ganunpaman, maling isipin na nakatali lamang sa pagbabayad ng CAF ang pag-iisyu ng DGB ng PTC. Sa ilang piling mga kaso, iniisyuhan ng DGB ng PTC ang mga kandidato sa batayang pulitikal at kunsiderasyon sa kakayahan nitong magbayad ng CAF. Hindi

pinagkakalooban ng PTC ang mga kandidatong sagadsaring kontra-rebolusyonaryo at may mga utang na dugo sa rebolusyonaryong kilusan kahit pa handa silang magbayad ng CAF.

Pawang kasinungalingan at paninira ang ikinakalat ng AFP, PNP at reaksyunaryong gubyerno na ang pagpapataw ng PTC at CAF ay isang uri ng "ekstorsyon." Palibhasa'y ayaw nilang tanggapin sa sarili na may umiiral na ibang gubyerno na nagpapatupad ng sarili nitong mga batas at patakaran sa bansa. Sa bigong pagnanais ng AFP at PNP na pigilang makipag-usap ang mga kandidato sa mga kinatawan ng DGB para sa pagkuha ng PTC, tinatakot at binabalaan silang kakasuhan ng AFP at PNP. Subalit sa mahabang karanasan ng rebolusyonaryong kilusan sa mga burges na halalan, binabalewala ng mga kandidato ang mga babala at pananakot ng AFP at PNP. Patuloy silang nagpaparamdam na handa silang makipag-usap at aktibo ring naghahanap ng mga linya na magsilbing tulay upang makipag-usap sa kinatawan ng kumand ng BHB sa kanilang lugar. Ito'y palatandaan na kinikilala nila ang DGB na dapat nilang pakitunguhan para sila ay malayang makapangampanya sa saklaw na teritoryo ng rebolusyonaryong kilusan. Kung tutuusin, karaniwan nang nakatatanggap ang gubyernong bayan ng mga boluntaryong donasyon mula sa mga kandidato bilang tanda ng pagkilala nila na may umiiral na ibang gubyerno.

Ang PTC ay hindi lamang isang kapirasong papel. Ang pag-iisyu ng PTC ay sumisimbolo ng Pulang kapangyarihan at otoridad ng DGB para protektahan at ipagtanggol ang base ng rebolusyon mula sa mga panlilinlang, intimidasyon, pananakot at karahasan na tipikal na nangyayari sa reaksyunaryo at burges na halalan sa bansa. Ang PTC ay naglalaman ng mga kundisyon, na dapat matapat na sundin ng mga kandidato, tulad ng pagbabawal sa pagdadala ng mga armas ng kanilang mga badigard at kasamahan habang nangangampanya, absolutong pagbabawal sa pagsama ng mga armadong tropa ng AFP at PNP bilang eskort, pananakot at pagsasagawa ng mga intimidasyon at pandarahas sa masa. Ang tahasang paglabag sa mga kasunduan na laman ng PTC ay batayan para kanselahin o bawiin ng DGB ang PTC. Maaari pang humantong na patawan ng DGB ng angkop na kaparusahan ang mga kandidato batay sa mga nagawa nilang paglabag sa mga kundisyong nakapaloob sa PTC.

Ang mga pagbubuwis ng rebolusyonaryong kilusan kabilang ang sa eleksyon ay pangunahing ipinapataw sa malalaking panginoong maylupa, dambuhalang korporasyon at negosyo at burukratang kapitalista. Direktang napupunta sa mamamayan ang napapalitaw na buwis sa anyo ng mga serbisyo tulad ng gastos sa mga kampanya sa edukasyon, kalusugan at sanitasyon, proyektong pang-ekonomya ng baryo, sa pagpapaunlad ng mga kagamitan sa produksyon ng mga kooperatiba at samahang masa, depensa sa baryo at marami pang iba. Tinitiyak ng DGB na bawat sentimong napapalitaw nito ay napupunta sa anyo ng serbisyo sa masa at digma. Matama ring tinatasa (awdit) ang mga ulat sa pinansya at regular na iniuulat ito sa mamamayan ng baryo.

Sa kabilang panig, maraming ipinapataw na buwis ang reaksyunaryong estado na nagsisilbing pabigat na pasanin ng masang Pilipino lalo na ng uring anakpawis. Malaking bahagi rin ng nakokolektang buwis ng reaksyunaryong gubyerno ay napupunta sa korupsyon at pagnanakaw ng mga tiwaling opisyal nito mula pambansa hanggang sa antas ng barangay at kakarampot na lamang ang napupunta sa mga serbisyong sosyal na kailangang-kailangan ng taumbayan.

Malinaw na ang tunay na gubyernong nagsusulong ng interes ng mamamayan ay ang DGB. Maitatayo lamang ito sa pambansang saklaw sa pagtatagumpay ng demokratikong rebolusyon ng bayan (DRB) sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan (MDB). Malaon nang pinatunayan na hindi eleksyon ang solusyon sa pagkakamit ng mithiin ng sambayanang Pilipino para sa malaya, demokratiko at masaganang buhay. Lalong kinakailangang patuloy at puspusang ilinaw ng rebolusyonaryong kilusan ang kahungkagan ng burges na eleksyon sa isang panig at katumpakan ng armadong rebolusyon sa pagkakamit ng saligang pagbabago sa lipunang

Pilipino sa kabilang panig.  Kailangang puspusang basagin sa kaisipan ng masa ang ilusyon na ipinakakalat ng mga naghaharing uri at mga propagandista nila na sa pamamagitan ng eleksyon, na siyang salaminan diumano na may umiiral na “demokrasya” sa bansa, matutupad ang pangarap ng mamamayang Pilipino na magkaroon ng pagbabago sa kanilang abang kalagayan.

Dapat samantalahin ang mga oportunidad na ibinubukas ng eleksyon para sa gawaing pagpapalawak at pagpapatatag ng mgabase,sapaglulunsadngmga kakayaning taktikal na opensiba na tiyakangtagumpayatsamaramihang rekrutment para sa PKP-BHB-NDFP.  Dapat paramihin ang mga kaibigan at alyado ng rebolusyon sa pamamagitan ng iba’t ibang anyo ng ugnayan, kooperasyon at alyansa.  Kabigin ang mga di palaban at nyutral upang ihiwalay ang mga sagadsaring kontra-rebolusyonaryo sa hanay ng mga lokal na opisyal.

Sa kalagayang marami pa ring Pilipino ang mababaw pa ang pampulitikang kamalayan at lubos pang naniniwala sa burges na halalan, bahagi rin ng tungkulin ng rebolusyonaryong kilusan ang gabayan at edukahin ang masa sa matalinong paraan ng pagpili ng kanilang kandidato. Turuan silang makipag-ugnayan at makipag-aralan sa mga organisasyon na nagsusulong ng “bagong pulitika” at naglalatag ng mga pamantayan sa pagpili ng kandidato na matapat at konsistenteng nagsusulong ng interes at kapakanan ng mga uring inaapi’t pinagsasamantalahan. pamilya Marcos at mga alipures nila sa kanilang mga krimen sa bayan.  Malaking hamon ito sa ilalim ng isang Marcos sa Malakanyang at sa gitna ng pagpapakana ng mga itong sistematikong rebisahin at baluktutin ang kasaysayan at itanghal ang malagim na yugto ng kasaysayan bilang siyang pinakamaningning na naganap sa bayang Pilipinas. K

# Ano ang adyenda na dapat suportahan at tupdin ng mga makabayan at tunay na lingkod bayan?

*TOMO 42 BLG 4, ABRIL 2022*

Ang masiglang partisipasyon ng mamamayan sa kampanyahan ngayong eleksyong 2022 ay tanda ng kanilang marubdob na kagustuhan na tapusin na ang inutil, pahirap at tiranikong paghahari ng rehimeng US-Duterte. Itinatakwil nila ang mga maka-dayuhan at kontra-mahihirap na patakaran, ang grabeng pasistang panunupil at ang rehimeng nagpatupad nito. Ang kanilang kagyat na kahilingan: mga kongkretong programa na tutugon sa kahirapang dulot ng nagdaang anim na taon.

Makatwiran ang galit ng bayan sa rehimeng Duterte at bulok nitong gubyerno. Mas pinasahol nito ang epekto ng napakalubhang krisis ng lipunan sa sambayanang Pilipino. Garapalan ang pagsunod ng rehimen sa interes ng mga dayuhan, pagnanakaw sa pondo ng bayan at pagsira sa lokal na ekonomya. Resulta nito, lalong namulubi, nagutom at naging desperado ang mamamayan. Sa pinakahuling kalagayan, iniinda ang taas-presyo ng langis kung saan mas mahal ngayon ng P31 ang litro ng *diesel* habang P20 naman sa gasolina kumpara noong 2021. Kasabay nito ang pagtaas ng presyo ng mga pagkain, yutilidad at upa sa bahay. Pumapalo na ang implasyon nang hanggang 4.9%, kung saan bumaba ang halaga ng salapi at lumiit ang kapasidad na bumili ng mamamayan. Hindi ito dapat pagtakhan dahil napakatagal na walang umento sa sahod at napakaraming Pilipino ang nawalan ng trabaho noong pandemya.

Sa harap nito, dapat gawin ng mga makabayan at tunay na lingkod bayan ang kanilang ganang kaya para iahon ang masang Pilipino mula sa kinasasadlakang lusak. Mayor rito ang pagsusulong ng mga repormang sosyo-ekonomiko na magpapagaan sa pang-araw-araw na buhay ng mamamayan mula kalunsuran hanggang kanayunan, pagbasura sa mga kontra-mahihirap na programang nagiging gatasang baka ng mga burukrata at pagtakwil sa pasistang pamamalakad ng rehimeng US-Duterte at mga tagapagmanang tambalang BBM-Sara.

Kung tutuusin, malaon nang isinusulong at paulit-ulit na inihahapag ng mamamayan ang kanilang adyenda hanggang sa kasalukuyan, sa ilalim ng bulok na pamamahala ng rehimeng Duterte. Isinisigaw ito sa mga protesta sa eskwelahan, pagawaan, *social media* at sa lansangan. Subalit dahil kontrolado ng naghaharing uri ang reaksyunaryong estado, paulit-ulit ring ibinabasura ng gubyerno ang adyenda ng mamamayan at malala pa'y tinatatakan nilang terorista ang mamamayang determinadong nakikibaka para magkatotoo ang kanilang pambansa at demokratikong adhikain. Ang karahasang ito ang naglantad sa rehimeng Duterte, at lahat ng nauna pa sa kanya bilang numero unong kaaway ng sambayanan at balakid sa pagkakamit ng tunay na masagana't makatarungang lipunan.

Para kagyat na ibsan ang paghihirap ng sambayanan, marapat pababain ang presyo ng mga bilihin at bawasan ang buwis na sinisingil sa mamamayan. Kailangang itaas ang sahod para makaangkop sa pagmahal ng mga bilihin at mabuhay nang disente ang mga manggagawa at kanilang pamilya. Dapat tiyakin ang seguridad sa trabaho sa pamamagitan ng pagwawakas sa kontraktwalisasyon at pagpapaunlad sa mga industriyang nagluluwal ng trabaho. Dito sa TK, 80-90% ng mga manggagawa ang kontraktwal at laging nanganganib na mawalan ng hanapbuhay.

Para ibangon ang sektor ng agrikultura na nag-eempleyo sa mayorya ng populasyon, dapat igarantiya ang karapatan sa lupa ng mga magsasaka at itaguyod ang mga makabago at sustenableng pamamaraan ng pagsasaka. Kasabay nito, itigil ang labis na importasyon ng mga produktong agrikultural at sa halip ay isulong ang modernisasyon ng agrikultura upang pataasin ang kapasidad at antas ng lokal na produksyon. Dapat ding isauli at pakinabangan ng mga magsasaka sa niyugan ang pondong *coco levy* na pinagpasasaan ng mga kroni ng diktadurang Marcos at gamitin ito para paunlarin ang industriya ng niyog.

Sa ngayon kung kailan ramdam pa ang epekto ng militaristang *lockdown* at palpak na tugon sa pandemya ng rehimen, malaking bagay ang ayuda para sa mga maralitang pamilya. Dapat ipaglaban ng mamamayan ang paglalaan ng ayuda at mga benipisyaryong dapat na makatanggap nito.

Ang mga tunay na lingkod bayan ay inaasahan ring magtulak sa pagbabasura ng mga neoliberal na patakaran lalo ang Rice Tariffication Law at mga batas na nagpapahintulot sa 100% pag-aari ng mga dayuhan sa mga rekurso at susing industriya sa bansa. Gayundin, dapat tapusin ang Build, Build, Build (BBB) na mayor na sanhi ng pagkakalubog sa utang ng bansa na aabot na ngayon sa higit P12 trilyon. Naging daan ang BBB para gawing lehitimo ang pang-aagaw sa lupa ng mga magsasaka't katutubo at pagpapalayas sa mga maralita't paggiba ng kanilang mga komunidad.

Dapat ding alisin ang TRAIN Law, Oil Deregulation Law, EPIRA at iba pang patakarang nagpapataw ng mabibigat na pasanin sa mamamayan habang binibigyan ng maluwag na insentibo sa pagbubuwis ang malalaking kumpanya at dayuhang kapitalista.

Hindi magagawa ang mga kinakailangang hakbang na sosyo-ekonomiko kung nananatiling nakagapos ang kamay at binubusalan ang bibig ng taumbayan. Ipaglaban ng mamamayan ang kanilang demokratikong karapatan at payabungin pa ang mga pakikibakang naggigiit sa kahilingan ng masang anakpawis. Dapat na buwagin ang mga instrumento ng pasistang estado na sumisikil sa mga karapatang sibil at pulitikal ng mamamayan—ang Anti-Terrorism Council, NTF- ELCAC at ang *military junta* sa likod ng *task force* laban sa COVID-19 na pawang itinayo sa ilalim ng rehimeng Duterte. Kaakibat nito ang pagbabasura sa Anti-Terrorism Act, EO 70 at MO 32 na nagbigay ng ligal na bihis sa panunupil ng estado sa mamamayan. Dapat ding ipursige ang imbestigasyon, pag-uusig at pagpapanagot sa mga opisyal ng AFP at PNP na utak ng madugong gera kontra-droga ng rehimen, iba pang mga krimen gaya ng Bloody Sunday Massacre at walang habas na pag-atake sa buhay, kabuhayan at karapatan ng mamamayan.

Sa kabilang panig, kailangang palakasin ang mga institusyon at inisyatibang nagtatanggol sa karapatan ng mamamayan at nagsasakdal at umuusig sa mga lumalabag sa karapatang tao. Kailangang itaguyod ang karapatan ng mamamayan na mag-organisa sa kanilang hanay. Partikular sa sektor ng manggagawa, dapat bigyang proteksyon ang mga unyon at kasapi nito mula sa demonisasyon ng estado. Sa kanayunan, dapat kilalanin ang mga organisasyon ng mga magsasaka't katutubo at itigil ang *red-tagging* at *terrorist-labeling* sa mga ito.

Partikular sa rehiyong TK, kailangang pigilan ang mga mapanirang proyektong pumipinsala sa kalikasan at nagdidisloka sa kabuhayan ng mamamayan. Unang-una na rito ang konstruksyon ng Kaliwa Dam Project sa bahaging Hilagang Quezon at Rizal na sinabayan ng matinding operasyong militar at panliligalig sa mga komunidad at baryong nasasaklaw nito. Dapat ding labanan ang pagpapahintulot sa *open pit mining* at ipagbawal ang malakihang pagmimina sa mga isla ng Palawan at Mindoro gayundin ang mga proyektong pang-enerhiyang sasagasa sa kabuhayan at kagalingan ng mga magsasaka't katutubong naninirahan dito at sa paligid.

Kung tunay ngang nasa puso ng mga lingkod bayan ang interes ng masang Pilipino, panghahawakan at paninindigan nila ang adyendang mamamayan at lalahok sa pakikibaka para

para isulong ito kahit pa kaharapin ang panggigipit ng estado. Malaki itong hamon at magiging sukatan ng lalim ng kanilang tunay at matapat na paglilingkod sa sambayanan. Sa mga nag-aagam-agam, magiging inspirasyon nila ang maalab na pakikibakang masa na nagpapakitang handa ang sambayanang Pilipino na lumaban para maisakatuparan ang kanilang pambansa-demokratikong adhikain.

Gayunman, hindi maaaring iasa sa reporma lamang ang ganap na kalutasan sa kaapihan at kahirapan ng mamamayang Pilipino. Para sa tunay na panlipunang transpormasyon tungo sa isang masagana't progresibong bansa, kinakailangang ipagtagumpay ng sambayanan ang pambansa-demokratikong rebolusyon na may sosyalistang perspektiba. Dapat puspusang makibaka at makidigma upang tamasahin ang tunay na kalayaan, demokrasya at kapayapaan.

# Ano ang papel ng mga rebolusyonaryong pwersa at tunay na lingkod ng bayan sa Sangguniang Barangay at Sangguniang Kabataan sa pagsusulong ng pambansa demokratikong rebolusyon?

*KALATAS, TOMO 42 BLG 12, DISYEMBRE 2022*

Itinakda ang eleksyong pambarangay ng Sangguniang Barangay (SB) at Sangguniang Kabataan (SK) ng Disyembre 5 subalit muling ipinagpaliban ito sa Oktubre 2023 ng ilehitimong rehimeng US-Marcos-Duterte. Ikinubli ng bagong upong rehimen sa maksimisasyon ng pondo ang dahilan ng pagpapaliban subalit tiyak na resulta ito ng kumpromiso ng alyansang Marcos-Arroyo-Duterte (MAD) sa isa't isa at sa iba pang reaksyunaryong paksyon. Pinaghahandaan nila ito para selyuhan at higit na patatagin ang kapit sa poder sakaling mabitak o ganap na mabiyak ang alyansang MAD.

Bilang batayang yunit ng papet na estado, reaksyunaryo ang saligang oryentasyon at katangian ng mga konseho at eleksyong barangay. Ang kontrol ng mga naghaharing uri sa mga barangay ay isang salalayan ng kanilang kapangyarihan sa pulitika. Hindi totoong "*non-partisan*" ang eleksyong barangay at na "bawal makialam dito ang mga partidong pulitikal" dahil sa aktwal, dominado ito ng mga makapangyarihang blokeng reaksyunaryo sa lokal na antas mula munisipalidad.

**Ang imbing pakana ng reaksyunaryong estado sa SB at SK**

Dahil nakalubog sa komunidad ang awtoridad at kakayahan ng mga barangay, ginagamit ito ng reaksyunaryong estado at ng mga lokal na naghaharing uri para tiyaking naipagtatanggol ang kanyang pansariling interes at naipatutupad ang kanyang mga patakaran at polisiya hanggang sa pinakamababang antas ng lipunan. Katunayan, noong panahon ng diktadurang Marcos I, inisyu niya ang Presidential Decree No. 86, na nag-institusyunalisa sa pagtatayo at pagpapagana sa mga barangay bilang "*citizen's assembly*". Pangunahin nitong pinagsilbi ang barangay para panatilihin ang pasistang paghahari sa pamamagitan ng pagkontra sa paggigiit ng mamamayang Pilipino sa demokrasya at hustisyang panlipunan at wasakin ang mga binhi ng organo ng kapangyarihang pampulitika sa kanayunan. Sa ganito nagpatuloy ang paggamit ng mga kasunod na rehimen sa barangay.

Lalong tumindi ang paggamit sa barangay bilang instrumento ng panlilinlang at panunupil sa pag-upo ng tiranikong rehimeng US-Duterte sa layuning durugin ang rebolusyonaryong pakikibaka ng mamamayan sa pamumuno ng PKP at patatagin ang kapit niya sa estado. Pinairal ang civilian-military junta sa pamamagitan ng NTF-ELCAC na kumubabaw sa sibilyang awtoridad. Sa pamamagitan nito, kinontrol ang mga lokal na yunit ng gubyerno hanggang barangay kaya ipinwesto niya ang sagad-saring anti-komunista at berdugong si Eduardo Año bilang kalihim ng Department of Interior and Local Government (DILG). Sa kumpas nina Año at Duterte, ilang ulit na ipinagpaliban ang nakatakdang eleksyon ng barangay para ihanda ang mga rekisito sa pagtitiyak na dominado ng kanilang sindikatong paksyon ang magiging resulta nito. Ang pasistang NTF-ELCAC ay binalangkas para tumagos hanggang antas-barangay.

Tiniyak nilang totono ang himig ng mayorya sa mga barangay sa bansa sa imbing pakanang pagsupil sa rebolusyong pinamumunuan ng PKP sa pamamagitan ng pagkontrol at pagmamanipula sa 2018 eleksyong pambarangay. Kapalit ng pusisyon ay tusong pinasunod nila at ng pasistang

NTF-ELCAC ang mga kontroladong barangay sa pagpapatupad ng sapilitang pagpapasuko sa bisa ng Enhanced-Comprehensive Local Integration Program (E-CLIP), pagrerekrut ng CAFGU, mga Barangay Intelligence Network (BIN) at iba pang grupong paramilitar, pagdedeklarang "*persona non grata*" ang PKP-BHB-NDFP at paniniktik laban sa rebolusyonaryong kilusan at mamamayan.

Nilaanan ng rehimeng Duterte at NTF-ELCAC ng P20 milyong pondo at rekurso ang mga barangay sa ilalim ng huwad na proyektong pangkaunlarang Barangay Development Program (BDP). Ganonman, kinurakot lamang ang kalakhan nito at napakaliit na porsyento ang ipinatupad. Kapuna-puna na ang huling bugso ng pamumudmod ng BDP ay ilang buwan bago ang eleksyong pampanguluhan 2022. Layunin nitong tiyakin ang mga boto ng barangay para sa tambalang Marcos-Duterte.

Sa pamamagitan nito, ipinipilit at ginagawang sunud-sunuran ang mga Sangguniang Barangay upang pahintulutan ang mga kontra-mamamayang proyekto tulad ng dayuhan at malakihang pagmimina, mga plantasyon ng dayuhan, mga dam, mga proyektong eko-turismo at iba pang mapanira sa kalikasan at kabuhayang mga proyekto.

**Paglaban ng mga tunay na lingkod bayan**

Gaanuman magsikap ang mga reaksyunaryong rehimen na kontrolin ang mga barangay, hindi nila mapuputol ang ugnayan nito sa rebolusyonaryong kilusan at pakikibaka ng mamamayan.

Ang mga SB at SK ang pinakamahinang kawing ng kapangyarihan ng reaksyunaryong gubyerno. Halos limos na lang ang natatanggap nila sa hatian ng kabang yaman ng bayan. Kadalasang binubuo rin ang mga SB ng mamamayan mula sa batayang saray tulad ng maralita at mababang panggitnang magsasaka. May mga panggitnang pwersa sa SB at SK subalit hindi sila nahihiwalay sa masa dahil magkakaugnay ang kanilang buhay at produksyon.

Nakapagpundar, lumago at lumakas ang rebolusyonaryong kilusan sa pamumuno ng PKP dahil sa pagsisikap ng mga komunidad at mamamayang magkaisa at organisahin ang sarili para labanan ang diktadurang Marcos noong dekada 1970. At mula noon, higit pa itong lumago at sumulong sa pagdami ng mga organisadong komunidad at barangay, kapwa sa kanayunan at kalunsuran na tumitindig at kumakawala sa matinding kahirapang resulta ng kriminal na kapabayaan ng estado. Sa mga ito sumibol ang mga progresibo, makabayan at tunay na lingkod bayan. Sila itong mga naghahangad at nagsisikap baguhin ang agos ng burukrata kapitalistang sistema at nagpapatupad ng maka-mamamayang programa at reporma sa kanilang saklaw. Sila ang mga sumusuporta, nakikiisa at nagtatanggol sa hinaing at pakikibaka ng masa para sa kalayaan at hustisyang panlipunan.

Sa buong bansa, binubuo ang mga tunay na lingkod bayan sa mga selula ng NDFP na nasa loob ng mga reaksyunaryong institusyon. Tinitiyak ng mga selulang ito na ang mga programa ng SB at SK ay nagtataguyod sa kapakanan ng mamamayan at tumatalima sa mga programa at patakaran ng rebolusyon. Tinitiyak nilang maipagtanggol ang masa mula sa pasistang AFP-PNP. Sumusuporta sila sa mga pakikibakang masa at nakikipag-ugnayan sa nakatataas na reaksyunaryong gubyerno para sa pagpapasa ng mga resolusyong tunay na pakikinabangan ng mamamayan sa kanilang saklaw.

Tungkulin ng mga rebolusyonaryong lingkod bayan na itaguyod ang armadong pakikibaka. Kailangan silang tumulong sa pagpapatatag ng base at pangangalap ng suportang materyal at pinansyal para sa BHB.

Kailangang bumaklas at wasakin ang reaksyunaryong tradisyon ang mga SB at SK. Sa pamamagitan ng rebolusyonaryong paglaban at pagtatatag ng mga lokal na organo ng kapangyarihang pampulitika (OKP), napapatatag at napapalakas ang mga baseng bukid sa kanayunan at naitatayo din

maging ang Komiteng Pang-organisa ng Mamamayan sa Baryo (KPMB) maging sa sentrong bayan at kalunsuran. Sa paglakas ng mga OKP at KPMB, naitatayo ang tunay na konseho ng barangay para sa kapakinabangan ng mamamayan.

Dahil sa pagkamulat ng mga tunay na lingkod bayan, walang nahita ang rehimeng Duterte sa kanilang kampanyang ideklarang "*persona non grata*" ang PKP-BHB-NDFP. Sa kabila ng "pagdedeklara" ng ilan sa mga barangay, malugod pa ring tinatanggap ang mga yunit ng BHB sa kanilang saklaw. Mahigpit ding nagtuwangan ang mga SB at SK at ang rebolusyonaryong kilusan sa paglaban at pagsansala sa COVID-19. Naglunsad sila ng kampanyang edukasyon, sanitasyon at mga serbisyong medikal na nagpakita ng kongkretong paggana ng demokratikong gubyernong bayan kahit sa panahon ng pagsusulong ng digmang bayan. Nagpapatuloy ang paglaban ng mga lingkod bayan hanggang sa kasalukuyang ilehitimong rehimeng US-Marcos-Duterte. K

# Ano ang papel ng NDFP sa pambansa-demokratikong rebolusyon?

*TOMO 43 BLG 3, MARSO 2023*

Ubos-kayang tinutupad ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) ang papel nito sa pambansa demokratikong rebolusyon na bagong tipo. Itinatanghal at isinusulong nito ang demokratikong rebolusyong bayan bilang sagot sa higit daantaong pagkaalipin ng mamamayang Pilipino sa imperyalismo, burukratang kapitalismo at katutubong pyudalismo. Instrumento ito ng mamamayan upang itatag ang binhi hanggang konsolidahin ang kanilang kapangyarihang pampulitika at itatag ang isang tunay na demokratikong gubyernong maglilingkod sa interes ng bayan. Ito ang dakilang tungkuling ginampanan at pinagpunyagian ng NDFP sa harap ng napakaraming hamon sa loob ng 50 taong pag-iral nito.

Ang NDFP ang pinakakonsolidadong bahagi ng pambansang nagkakaisang prente na naniniwala at lumalahok sa pambansa-demokratikong rebolusyon na may sosyalistang perspektiba. Ito ay pormal na organisasyon ng mga rebolusyonaryong pwersa sa buong bansa na nagsisilbing tagapamandila ng demokratikong rebolusyong bayan (DRB) at ng kumprehensibong programang tutugon sa pambansa-demokratikong kahilingan ng mamamayan. Lumalaban ito para magkaroon ng lupang bubungkalin ang mga magsasaka, sahod at trabaho para sa manggagawa at kumprehensibong programang panlipunan para sa kagalingan ng lahat ng uri at sektor. Ipinagtatanggol nito ang pambansang soberanya at teritoryal na integridad ng Pilipinas laban sa imperyalismong US at China. Puspusan itong nagsusulong ng DRB upang ihanda ang rekisitos sa pagpupundar ng Demokratikong Gubyernong Bayan (DGB) sa pambansang saklaw sa panahon ng pagtatagumpay ng digmang bayan.

Itinayo ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) ang NDFP para tugunan ang pangangailangan sa isang malakas na pambansang nagkakaisang prente na magiging ikatlong sandata ng nagrerebolusyong mamamayan, kasunod ng proletaryong pampulitikang Partido at Bagong Hukbong Bayan (BHB). Panimulang binalangkas at binuo ang NDFP ng piling kadre ng PKP at aktibistang makabayan sa hanay ng panggitnang pwersa noong 1971. Binalangkas ang 10-puntong gabay ng nagkakaisang prenteng ito para pagbuklurin ang mga aping uri. Panimula itong binuo noong Abril 24, 1973, ilang buwan matapos ideklara ang Batas Militar ni Ferdinand Marcos Sr. noong Setyembre 23, 1972. Nagsilbi itong balangkas ng nagkakaisang prente laban sa pasistang diktadura. Kinilala na, kalaunan, ang nabanggit na petsa noong Abril, bilang araw ng pagkakatatag ng NDFP. Pinangunahan ni Propesor Jose Maria Sison ang pagbubuo ng komisyon sa paghahanda ng NDFP sa gitna ng papasidhing atake ng diktadurang US-Marcos sa mga demokratikong pwersa.

Mula nang muling itatag ang PKP sa patnubay ng Marxismo-Leninismo-Maoismo (MLM), pinursigeng mabuo ang pambansang nagkakaisang prente para sa armadong pakikibaka. Kagyat na inugnayan ng noo'y bagong tatag na PKP (MLM) ang mabubuting labi ng Hukbong Mapagpalaya ng Bayan at itinatag ang BHB sa ilalim ng absolutong pamumuno ng Partido noong Marso 29, 1969. Sa pagkakatatag ng BHB at paglawak at paglakas ng rebolusyonaryong organisasyon ng uring magsasaka, nagtagumpay na maitayo at mapalakas ang batayang alyansa ng uring manggagawa at uring magsasaka na pundasyon ng pambansang nagkakaisang prente para sa armadong pakikibaka.

Kung wala ang tiyak na makauring pamumuno ng manggagawa sa pamamagitan ng PKP, at walang batayang alyansa ng manggagawa at magsasaka bilang pundasyon ng nagkakaisang prente, hindi makapagbubuo ng tunay na rebolusyonaryong nagkakaisang prente sa bansa.

Matapos malupig ang unang partido komunista at malusaw ang armadong paglaban ng mamamayan sa ilalim ng mga Lava, inihudyat ng pagkakatatag ng Kabataang Makabayan (KM) noong 1964 ang muling pagkalat at pagsulong ng pambansa demokratikong pakikibaka sa bansa. Matalas na dinala ng KM ang panawagang pagsusulong ng bagong tipo ng pambansa-demokratikong rebolusyon sa inspirasyon ng matagumpay na digmang bayan at sosyalistang rebolusyon at konstruksyon sa China sa ilalim ng pamumuno ng dakilang Tagapangulong Mao Zedong. Nilaman ito ng mga lathalain ni Jose Maria Sison na siya ring Tagapangulong Tagapagtatag ng KM. Inilabas ang librong Makibaka para sa Pambansang Demokrasya na koleksyon ng mga lathalaing pambansa demokratiko. Lalong lumaganap ang anti-imperyalista at antipyudal na linya sa hayag na kilusang masa nang maitayo ang Movement for the Advancement of Nationalism o MAN.

Nilikha ng lumalalang kronikong krisis ng sistemang mala-pyudal at mala-kolonyal ang kundisyon para lumaban at magkaisa ang mga manggagawa, magsasaka, petiburgesyang lunsod at pambansang burgesya. Pinalala ng diktadurang US-Marcos I ang krisis. Abot-langit ang pagsirit ng presyo ng mga bilihin habang hindi tumataas ang sahod. Tumindi ang monopolyong kontrol ng lokal na naghaharing uri at mga dayuhang kapitalista sa lupa at mga pambansang rekurso. Ganap na iwinaksi ang mga burges-demokratikong palamuti ng reaksyunaryong estado at pinakawalan ang walang kaparis na pasismo laban sa bayan. Napukaw ang mamamayan na maghimagsik at kumalat na parang apoy sa buong bayan ang panawagan para sa DRB.

Sa paglawak ng suporta para sa DRB, naging 12-puntong programa ang orihinal na 10-puntong programa ng NDFP noong Nobyembre 1977. Pinalawig ang programa ng NDFP para hamigin ang mas marami at mas malaking bahagi ng sambayanang Pilipino lalo ang mga pambansang minorya sa landas ng pambansa-demokratikong rebolusyon. Tanda ito ng higit na pagpapalakas sa gitna ng mabilis na sumusulong na digmang bayan.

Katuwang ng PKP at BHB ang NDFP sa pagpapabagsak sa naghaharing sistemang malakolonyal at malapyudal at paghahawan ng landas tungong sosyalistang hinaharap. Sa partikular, tutulong ang NDFP sa pagtatatag ng mga organo ng demokratikong kapangyarihang pampulitika (ODKP). Ilalatag ng mga kumperensya at konseho ng NDFP ang mga rekisitos sa pagtatayo ng mga ODKP. Tutulong ito sa paglikha ng popular na partisipasyon at suporta sa digma, magrerekomenda ng mga kandidato sa katungkulan sa ODKP, at pag-aaral ng mga angkop na patakaran sa gubyernong bayan. Kahit mayroon nang gubyernong bayan, hiwalay pa ring gagampan ang NDFP bilang alyansa ng mga organisasyon ng mga rebolusyonaryong pwersa.

Nagsisilbing tinig ang NDFP ng alyadong mga organisasyon sa iba't ibang usaping pambansa at pandaigdigan. Matibay nitong pinanghawakan, ipinagtanggol at itinaguyod ang pundamental na mga pambansa at demokratikong karapatan at kapakanan ng sambayanang Pilipino. Nagbibigay inspirasyon ang NDFP sa mga hayag at lihim na organisasyong masa upang palakasin ang kani-kanilang pakikibaka laban sa imperyalismo at lokal na reaksyon. Aktibo ang NDFP sa pagpapahayag ng mga paninindigan at pagtingin nito hinggil sa mga tampok na usaping lokal, pambansa at maging sa ibayong dagat.

Tungkulin ng NDFP na iugnay ang rebolusyonaryong kilusan sa malawak na masa para malikha ang pinakamalawak na suporta sa armadong rebolusyon. Kailangan din nitong tumulong sa pag-ugnay at pagbubuo ng relasyong bilateral at multilateral sa iba pang pwersa sa loob at labas ng bansa. Nagsasagawa din ito ng proto-diplomatiko at diplomatikong pakikipagrelasyon sa mga

dayuhang gubyerno sa labas ng bansa upang isulong ang interes ng demokratikong gubyernong bayan at rebolusyong Pilipino.

Sa kasaysayan, naging tampok ang NDFP bilang kinatawan ng rebolusyonaryong kilusan at gubyernong bayan sa pakikipagharap sa reaksyunaryo't papet na Government of the Republic of the Philippines (GRP) sa negosasyong pangkapayapaan. Sa mahusay na gabay ng PKP, binigo ng NDFP ang pakana ng kaaway na bitagin ang rebolusyonaryong kilusan sa kapitulasyon mula nang pormal na magbukas ang negosasyon noong rehimeng US-Ramos. Kinukundena ng NDFP ang GRP sa pagtataguyod nito sa marahas na patakarang pasipikasyon at paglabag sa mga napagtagumpayan nang kasunduan sa negosasyong pangkapayapaan kung saan pinakatampok ang The Hague Joint Declaration of 1992, Joint Agreement on Safety and Immunity Guarantees ng 1995 at Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law ng 1998. Samantala, nananatiling laging bukas ang NDFP sa negosasyong pangkapayapaan sa mga nagdaang rehimen.

Naninindigan din ang NDFP na anumang negosasyong pangkapayapaan ay dapat idaos sa labas ng bansa at may tagapamagitan na ikatlong partido na isang estado o isang ahensyang sumasaklaw sa iba't ibang estado. Sa gayon, nasa pusisyon ang NDFP na makipag-ugnayan sa iba't ibang gubyerno. Mayroon nang mga bansa at internasyunal na organisasyon at institusyon na kumikilala sa NDFP at sa taglay nitong *status of belligerency* o katayuan bilang isang lehitimong pwersang nakikidigma na may sariling kapangyarihang pampulitika, hukbo at tiyak na teritoryo. Sa ganito pa lamang, walang batayan ang itim na propaganda ng reaksyunaryong gubyerno at AFP-PNP na "terorista" ang NDFP gayundin ang PKP-BHB.

Laging inililinaw ng NDFP na huwad ang islogang kapayapaan ng GRP hangga't patuloy ang pang-aapi ng imperyalismo, panginoong maylupa, malalaking burgesya kumprador sa mamamayang Pilipino. Naninindigan ang NDFP na para makamit ang makatarungan at pangmatagalang kapayapaan, kailangang ipagtagumpay ang pakikibaka para sa pambansang kalayaan at demokrasya ayon sa pangkalahatang linya ng bagong demokratikong rebolusyon. Nasa puso ng programa ng DRB ang pagpapalaya sa bansa sa pamamagitan ng pagwawakas sa kontrol ng imperyalismong US, pagpapatupad ng tunay na reporma sa lupa upang ipagkaloob sa masang magsasaka—ang pinakamalaking bilang ng mamamayang Pilipino—ang matagal na nilang lehitimo't makatarungang kahilingan at isakatuparan ang pambansang industriyalisasyon upang paunlarin ng sistematiko't balansyado ang magaan, medyo magaan at mabigat ng mga industriya habang pinapangalagaan ang kapaligiran.

Tinatanaw ng NDFP kasama ng buong sambayanang Pilipino ang tiyak na pagtatagumpay ng bagong demokratikong rebolusyon. Patuloy na tutupdin ng NDFP ang tungkulin nito na ibayong pagkaisahin ang malawak na hanay ng mamamayan para gapiin ang sandakot na imbing naghaharing uri at itayo ang isang tunay na gubyernong kumakatawan sa pambansa-demokratikong interes at mithiin ng sambayanang Pilipino. K